

## The Project Gutenberg eBook of Ibong Adarna, by Anonymous

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org). If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Ibong Adarna

Author: Anonymous


Release date: July 1, 2005 [EBook #16157]

Most recently updated: December 11, 2020

Language: Tagalog


Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Jerome Espinosa Baladad, Pilar Somoza and PG Distributed Proofreaders from page scans provided by University of Michigan. Dedicated to the three Filipino comedians Dolphy, Panchito and Babalu who made this folklore memorable in a 1970s film adaptation.

\*\*\* START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK IBONG ADARNA \*\*\*



## IBONG ADARNA

AKLATAN NI JULIANA MARTINEZ  
116 P. Calderon, Manila



**CORRIDO AT BUHAY NA PINAGDAANAN**

**NANG TATLONG**

**PRINCIPENG MAGCACAPATID**

**NA ANAC**

**NANG HARING FERNANDO AT NANG REINA VALERIANA**

## SA CAHARIANG BERBANIA

Virgeng Ináng mariquit  
Emperadora sa Langit,  
tulongan po yaring isip  
matutong macapagsulit.

Sa aua mo po't, talaga  
Virgeng ualang macapára,  
acong hamac na oveja  
hulugan nang iyong gracia.

Dila co'i iyóng talasan  
pauin ang cagarilán,  
at nang mangyaring maturan  
ang munting ipagsasaysay.

At sa tanang nangarito  
nalilimping auditorio,  
sumandaling dinguin ninyo  
ang sasabihing corrido.

Na ang sabi sa historia  
nang panahong una-una,  
sa mundo'i nabubuhay pa  
yaong daquilang monarca.

At ang caniyang esposa  
yaong mariquit, na reina,  
ang pangala't bansag niya  
ay si doña Valeriana.

Itong hari cong tinuran  
si don Fernando ang ngalan  
ang caniyang tinubuan  
ang Berbaniang caharian.

Ang haring sinabi co na  
ay may tatlong anác sila,  
tuturan co't ibabadyá  
nang inyo ngang maquilala.

Si don Pedro ang panganay  
na anác nang haring mahal,  
at ang icalaua naman  
si don Diego ang pangalan.

Ang icatlo'i, si don Juan  
ito'i siyang bunsong tunay,  
parang Arao na sumilang  
sa Berbaniang caharian.

Ito'i, lalong mahal baga  
sa capatid na dalaua,  
salang malingat sa mata  
nang caniyang haring amá.

Para-parang nag-aaral  
ang manga anác na mahal,  
malaqui ang catouaan  
nang hari nilang magulang.

Ay ano'i, nang matuto na  
yaong tatlong anác niya,  
ay tinauag capagdaca  
nitong daquilang monarca.

Lumapit na capagcuan  
ang tatlong príncipeng mahal,  
cordero'i, siyang cabagay  
nag-aantay pag-utusan.

Anáng hari ay ganitó  
caya co tinauag cayó,  
dito sa itatanong co

ay sabihin ang totoó.

Linoob nang Dios Amá  
na cayo'i, nangatuto na,  
mili cayó sa dalaua  
magpare ó magcorona.

Ang sagót nila at saysay  
sa hari nilang magulang,  
capua ibig magtangan  
nang corona't, cetrong mahal.

Nang itó ay maringig na  
nang haring canilang amá,  
pinaturuan na sila  
na humauac nang espada.

Sa Dios na calooban  
sa canilang pag-aaral,  
di nalao'i, natutuhan  
ang sa armas ay pagtangan.

Ito'i, lisanin co muna  
yaong pagcatuto nila,  
at ang aquing ipagbadyá  
itong daquilang monarca.

Nang isang gabing tahimic  
itong hari'i, na-iddlip,  
capagdaca'i, nanaguinip  
sa hihigán niyang banig.

At ang bungang panaguimpan  
nitong hari cong tinuran,  
ang anác na si don Juan  
pinag lilo at pinatay.

Ang dalauang tampalasang  
sa caniya ay pumatáy,  
inihulog at iniuan  
sa balón na calaliman.

Sa pananaguinip bagá  
nitong mahal na monarca,  
nagbangon capagcaraca  
sa hihigán niyang cama.

At hindi nanga na-iddlip  
sa malaqui niyang hapis,  
sa hirap na masasapit  
niyong bunsong ini-ibig.

Ito ang niyang dahilán  
nang sa bungang panaguimpan  
tuloy ipinagcaramdam  
at sa banig ay naratay.

Nagpatauag nanga rito  
marurunong na médico,  
dili masabi cun anó  
ang saquit nang haring itó.

Sa gayong carami bagá  
medicong tinauag nila,  
ay ualang macapagbadyá  
sa saquí na dinadalá.

Ay mayroon namang isá  
na bagong cararating pa,  
siyang nagpahayag bagá  
saquit nang bunying alteza.

Ang damdam mo haring mahal  
ay galing sa panaguimpán,  
sa iyo'i, aquing tuturan  
ang iyo pong cagamutan.

May isang ibong maganda  
ang pangalan ay Adarna,  
cun marinig mong magcantá  
ang saquíit mo'i, guiguinhaua.

Sa Tabor na cabunducan  
ang siyang quinalalaguian,  
cahoy na hinahapunan  
Piedras Platas ang pangalan.

Cun arao ay uala roon  
itong encantadang ibon,  
sa iba sumasalilong  
at nagpapauí nang gutom.

Cun gabing catahimican  
ualang malay ang sino man,  
ay siyang pag-oui lamang  
sa Tabor na cabunducan.

Cayá mahal na monarca  
yao'i, siyang ipacuha,  
gagaling pong ualang sala  
ang saquíit mong dinadalá.

Nang sa haring mapaquingan  
ang caniyang cagamutan,  
capagdaca'i, inutusan  
ang anác niyang panganay.

Si D. Pedro'i, tumalima  
sa utos nang haring amá,  
iguinayác capagdaca  
cabayong sasac-yán niya.

Yao nanga't, lumacad na  
cabunducan ang pinuntá,  
at hahanaping talagá,  
mahal na ibong Adarna.

Mahiguit na tatlong buan  
paglacad niya sa párang,  
at hindi nga maalaman  
ang Tabor na cabunducan.

May dinatnang landás siya  
mataas na pasalungá,  
tumahan capagcaraca  
itong princípeng masiglá.

Sa masamáng capalaran  
sa Dios na calooban,  
nang dumating sa ibabao  
cabayo niya'i, namatáy.

Di anong magagaua pa  
uala nang masac-yán siya,  
ang bastimento'i, quinuha  
at lumacad capagdaca.

Sa Dios na calooban  
na sa tanong bininyagan,  
dumating siyang mahusay  
sa Tabor na cabunducan.

May cahoy siyang naquita  
na tantong caaya-aya,  
sa caagapay na ibá  
siyang tangi sa lahat na.

Ang daho'i, sacdal nang inam  
para-parang cumiquinang,  
diamante'i, siyang cabagay  
sa mata'i, nacasisilao.

Ang naisipan nga niya  
sa loob at ala-ala,

doon na tumiguil bagá  
itong príncipeng masiglá.

Ang nasoc sa calooban  
ang cahoy na ito'i, siyang  
marahil hinahapunan  
nang ibong cong pinag-lacbay.

Ay ano'i, nang gagabi na  
ang Arao ay lulubóg na,  
madláng ibo'i, narito na  
at manga cauan ang ibá.

Sa gayóng daming nagdaan  
ualang dumápo isa man,  
naguló ang gunam-gunam  
nitong príncipeng timtiman.

Ganitong diquit na cahoy  
ualáng ibong humahapon,  
aco'i, dito nalingatong  
paghihintay cong malaon.

Ang nasoc sa ala-ala  
sa loob niyang mag-isá,  
ang siya ay magpahingá  
at búcas lumacad siya.

Humilig nanga't, sumandal  
doon sa cahoy na mahal,  
sa malaquing capaguran  
siya'i, tambing nagulaylay.

Ay ano'i, nang tahimic na  
ang gabí ay lumalim na,  
siya nangang pagdating na  
niyong ibong encantada.

Dumapo na siyang agad  
sa cahoy na Piedras Platás,  
balahibo ay nangulág  
pinalitán niyang agad.

At capagdaca'i, naggantá  
itong ibong encantada,  
ang tinig ay sabihin pa  
tantong caliga-ligaya.

Ang príncipe ay hindi na  
nacaringig nang pagcantá,  
pagtúlog ay sabihin pa  
himbing na ualang capara.

Ang sa ibong ugali na  
cun matapos na magcantá,  
ay siyang pag-táe niya  
at matutulog pagdaca.

Sa masamáng capalaran  
ang príncipe'i, natal-an,  
ay naguing bató ngang tunay  
ang catauan niyang mahal.

Di anong magágaua pa  
nang siya'i, maguing bató na,  
paghihintay sabihin pa  
nang haring caniyang amá.

At nang maguing isang-taon na  
hindi dumarating bagá,  
inutusan capagdaca  
si don Diegong pangalauá.

Sumunód at di sumuay  
sa hari niyang magulang,  
iguinayác capagcuan  
cabayo niyang sasac-yán.

Pagca-handa'i, lumacad na  
cabunducan ang tinumpá,  
at hahanapin nga niya  
ang bunying ibong Adarna.

Mahiguit sa limang buan  
nag-lacad niya sa párang,  
hindi naman maalaman  
ang Tabor na cabunducan.

Nang siya ay dumating na,  
sa daan na pasalunga,  
nagtuloy at umahon na  
itong princípeng masiglá.

Sa masamáng capalaran  
nang dumating sa ibabao,  
nabual nanga't, namatay  
ang cabayong sinasac-yán.

Di anong magagaua pa  
sa cabayong namatay na,  
ang báon niya'i, quinuha  
at lumacad capagdaca.

Nang siya'i, dumating naman  
sa Tabor na cabunducan,  
may cahoy siyang dinatnan  
diquít ay di ano lamang.

Nang caniyang mapagmalas  
ang cahoy Piedras Platas,  
ang dahon ay cumiquintáb  
diquít ay ualang catulad.

Ang nasoc sa ala-ala  
nitong princípeng magandá,  
cahoy na caaya-aya  
hapunán niyong Adarna.

Sa puno nang cahoy baga  
may bató siyang naquita,  
cristal ang siyang capara  
nacauiuili sa matá.

Doon niya napagmalas  
ang cahoy na Piedras Platas  
ang balát ay guintóng uagás  
anaqui'i, may piedrerías.

Sa toua niya't, ligaya  
sa cahoy niyang naquita,  
oras nang á las cinco na  
madlang ibo'i, nagdaan na.

Sa gayong daming nagdaan  
manga ibong cauan-cauan,  
ualang dumapo isa man  
sa cahoy niyang namasdan.

Ganitong diquit na cahoy  
ualang ibong humahapon,  
ito'i, di co mapagnoynoy  
cahalimbaua co'i, ulól.

Ang cahoy na caagapay  
mayroong ibong nagdaan,  
ito'i, siyang tangi lamang  
bucód na hindi dapuan.

Cahit anong casapitan  
ay hindi co tutugutan,  
na cun anong cabagayán  
sa cahoy na gaua't, laláng.

Ay ano'i, nang lumalim na  
ang gabí ay tahimic na,

doon sa batóng naquita  
ay nangublí capagdaca.

Ay ano'i, caalam-alam  
sa caniyang paghihintay,  
siya na nganing pagdatál  
nang ibong Adarnang mahal.

Dumapo na nganing agád  
sa cahoy na Piedras Platas,  
at naghusay nangang caguiat  
balahibong sadyang dilág.

Sa princípeng napagmasdan  
ang sa ibong cariquitan,  
icaó ngayo'i, pasasaan  
na di sa aquin nang camay.

Ay nang macapaghusay na  
itong ibong encantada,  
ay siya nangang pagcantá  
tantong caliga-ligaya.

Sa príncipenapaquingan  
ang voces na sadyang inam,  
capagdaca'i, nagulay-lay  
sa caniyang pagcasandal.

Sino cayang di maidlip  
sa gayong tinig nang voces,  
cun marinig nang may saquí  
ay gagaling siyang pilit.

Macapitong hintó bagá,  
ang caniyang pagcacantá,  
pitó naman ang hichura  
balahibong maquiquita.

Nang matapos nganing lahat  
yaong pitóng pagcocoplas,  
ay tumáe namang agad  
itong ibong sadyang dilág.

Sa casam-ang capalaran  
si don Diego ay natai-an,  
ay naguing bató rin naman  
cay don Pedro'i, naagapay.

Di anong magagaua pa  
nang siya'i, maguing bató na,  
paghihintay sabihin pa  
nang haring caniyang amá.

Hindi niya mautusan  
ang anác na si don Juan,  
at di ibig mahiualay  
cahit susumandalí man.

Si don Jua'i, naghihintay  
na siya ay pag-utusan,  
aayao tauaguin naman  
nang hari niyang magulang.

Siya nanga'i, nagcusa na  
dumulog sa haring amá,  
nag-uica capagcaraca  
nang ganitong parirala,

Aco po'i, pahintulutan  
nang haring aquing magulang,  
aco ang quiquita naman  
nang iyo pong cagamutan.

Ngayon ay tatlóng taón na  
hindi dumarating bagá,  
ang capatid cong dalaua  
saquí mo po'i, malubha na.

Ang sagót nang haring mahal  
bunsóng anác co don Juan  
cun icao ay mahiualay  
lalo co pang camatayan.

Mapait sa puso't, dibdib  
iyang gayác mo't, pag-alís,  
hininga co'i, mapapatid  
cun icao'i, di co masilip.

Isinagót ni don Juan  
ó haring aqing magulang,  
sa loob co po'i, masucal  
mamasdan quitang may damdam.

Cundi mo pahintulutan  
ang aqing pagpapaalam,  
ay di mo mamamalayan  
ang pag-alis co't, pagpanao.

Sa uinicang ito naman  
ang hari ay natiguilan,  
at segurong magtatanan  
ang princípeng si don Juan.

Lumuhod na capagdaca  
sa haráp nang haring amá,  
bendición po'i, igauad na  
siya cong maguing sandata.

Capagdaca'i, guinauwaran  
at siya'i, binendicionan,  
at sa reinang iná naman  
ay lumuhód capagcuan.

Ay ano'i, nang matapos na  
na mabendicionan siya,  
ay nagtindig capagdaca  
itong princípeng masiglá.

Ang dispensa ay binucsán  
nuha nang limang tinapay,  
siyang babaunin lamang  
sa talagang parurunan.

Di sumacay sa cabayo  
nag-lacad nangang totoo,  
ang príncipe nganing itó  
cabunducan ang tinungo.

Doon sa paglacad niya  
ualang tauong naquiquita,  
paratí sa ala-ala  
ang Vírgen Santa María.

Cung mahustong isang buan  
paglacad niya sa parang,  
ay siyang pagcain lamang  
nang isang baong tinapay.

Sa isang buan ang isa  
nang pagcaing muli niya,  
parang nagpepenitencia  
nang sa ibon ay pagquita.

Madai't, salita naman  
at di co na pahabaan,  
ay naging apat na buan  
pag-lacad niya sa parang.

Sa aua nang Vírgen Iná  
cay don Juan de Berbania,  
ay dumating capagdaca  
sa daan na pasalunga.

Nang sa princípeng matignan  
taas niyong cabunducan,



lumuhód siya't, nagdasál  
sa Vírgeng Ináng marangal.

Aco'i, iyong cauaan  
Vírgeng calinis-linisan,  
at aquin ding matagalán  
itong mataas na daan.

Nang siya'i, matapos naman  
pagtauag sa Vírgeng mahal,  
nuha nang isang tinapay  
at cumain capagcuan.

Sa limang tinapay bagá  
na baon niyang talaga,  
iisa na ang natira  
na pangpauing gutom niya.

Nang matapos nang pagcain  
sumalunga siyang tanging,  
sa aua nang Ináng Vírgeng  
ualang hirap na dinating.

Nang dumating sa ibabao  
ang princípeng si don Juan,  
doo'i, caniyang dinatnán  
isang leprosong sugatán.

Anitong leproso't, badyá  
maguinoó po aniya,  
na cun may baon cang dalá  
aco po'i, limosán mo na.

Sa Dios po alang-alang  
aco'i, iyong cahabagán,  
cun gumaling ang catauan  
ay aquin ding babayaran.

Isinagot ni don Juan  
aco nga'i, mayroong taglay,  
natirang isang tinapay  
na aqing baon sa daan.

Dinucot na capagdaca  
yaong tinapay na isa,  
canyang ibinigay na  
sa leproso na naquita.

Anitong matanda't, saysay  
pasasaan ca don Juan,  
sabihin mo't, iyong turan  
ang layon mo't, iyong pacay.

Anang príncipe at badyá  
ganito po'i, maquinig ca,  
sasabihin cong lahat na  
ang sadya cong quiniquita.

Ang ama co'i, may damdam  
sa banig ay nararatay,  
ang ibong Adarna lamang  
ang caniyang cagamutan.

Bucód dito ang isa pa  
ngayon ay tatlóng taón na,  
na hindi co naquiquita  
ang capatid cong dalauá.

Anitong leproso bagá  
don Juan maghihirap ca,  
at sa pagca't, encantada  
yaon ngang ibong Adarna.

Nguni't, ngayon ang bilin co  
ay itanim sa pusó mo.  
at nang hindi sapitin mo  
na icáo ay maguing bató.

Sa iyong paglalacad diyan  
ay may cahoy na daratnan,  
diquít ay di ano lamang  
cauli-uiling titigan.

Doo', huag tumiguil ca  
na sa cariquitan niya,  
totoong ualang pagsala  
don Jua'i, mamamatay ca.

Sa ibaba'i, tumanao ca  
may bahay cang maquiquita  
ang magtuturo ay siya  
doon sa ibong Adarna.

Yaring limos mong tinapay  
ay cunin mo na don Juan,  
nang may canin ca sa daan  
sa láyo nang paroroonan.

Anitong príncipe't, badyá  
ugali pagcabata na,  
na cun mailimos co na  
ay di co na quinucuha.

Pinipilit na ibigay  
ang limos niyang tinapay,  
umalis na si don Juan  
siya'i, hindi pinaquingan.

Sa mahusay na pag-lacad  
nitóng príncipeng marilág,  
sumapit siyang liualas  
sa cahoy na Piedras Platas.

Nang maquita ni don Juan  
yaong cahoy na malabay,  
loob niya'i, natiguilan  
sa gayon ngang cariquitan.

Naualá sa ala-ala  
yaóng bilin sa caniya,  
parang naencanto siya  
sa cahoy niyang naquita.

Sa caniyang pagmamalas  
sa dahong nagsisiquintáb,  
gayon din naman ang lahat  
na anaqui'i, quintóng uagás.

Ay ano'i, caguinsa-guinsá  
na sa panonoód niya,  
ay parang pinucao bagá  
ang caniyang ala-ala.

Tinutóp nanga ang noó  
at nag uica nang ganito,  
abá at nalimutan co  
yaóng bilin nang leproso.

Sa ibabá'i, tumingin siya  
ay may bahay ngang naquita,  
lumacad na capagdaca  
itóng príncipeng masiglá.

Nang dumating sa hagdanan  
napatano capagconan,  
capagdaca ay dumungao  
isang ermitañong mahal.

Pinapanhic na sa bahay  
ang príncipeng si don Juan,  
at ang ermitaño naman  
ang pagcai'i, inilagay.

Umupo na sa lamesa  
nagsalo silang dalaua,

ay sa principeng naquita  
tinapay na limos niya.

At nag-uica capagdaca  
sa loob niyang mag-isa,  
itong tinapay cong dalá  
ay baquit narito baga.

Yaóng aqing linimosán  
leprosong gagapang-gapang,  
sacá dito'i, ibá naman  
ermitaño ang may tangan.

Ngayo'i, hindi maisip co  
sa Dios itong secreto,  
anaqui'i, si Jesucristo  
ang mahal na ermitaño.

Nang matapos ang pagcain  
ermitaño ay nagturing,  
don Jua'i, iyong sabihin  
cun anong sadyá sa aquin.

Isinagot ni don Juan  
sa ermitañong marangal,  
gayon po'i, iyong paquingan  
at aqing ipagsasaysay.

Ang sadyá co po aniya  
dahil sa ibong Adarna,  
igagamót na talagá  
sa hari pong aqing amá.

Ang sagot nang ermitaño  
don Juan iyang hanap mo,  
maghihirap cang totoo  
at ang ibo'i, encantado.

Isinagót niya naman  
cahit aqing icamatáy,  
ituro mo po ang lugar  
at aqing paroroonan.

Ang sagot nang ermitaño  
don Jua'i, maquiquita co,  
na cun bagá nga totoo  
ang pagsunód sa amá mo.

Ang cahoy mong naraanan  
cauli-uiling pagmasdan,  
yaon ang siyang hapunán  
nang ibon mong pinapacay.

Na cun siya'i, dumating na  
sa cahoy ay magcacantá,  
at ang gabi'i, malalim na  
ualang malay cahit isá.

At cun yao'i, matapos na  
nang caniyang pagcacantá,  
pitó naman ang hichura  
balahibong maquiquita.

Ay nang iyong matagalán  
pitóng cantang maiinam,  
quita ngayon ay bibiguan  
nang maguiguing cagamutan.

Naito at iyong cuha  
pitóng dayap at navaja,  
ito'i, siyang gamót bagá  
na sa ibong encantada.

Balang isang cantá naman  
ang catauan mo'i, sugatan,  
at sa dayap iyong pigán  
nang di mo macatulugan.

At cun ito'i, matapos na  
nang macapitóng pagcantá,  
ay siyang pagtáe niya  
don Juan ay umilag ca.

Capag icao'i, tinamaan  
nang táe nang ibong hirang,  
maguiguig bató cang tunay  
doon ca na mamamatáy.

Naito'i, cunin mo naman  
ang cintas na guintong lantay,  
pagca-hauac ay talian  
at gapusin mong matibay.

Caya bunsó hayo ca na  
at ang gabi'i, malalim na,  
at malapit nanga bagá  
dumating yaóng Adarna.

Yáo nanga si don Juan  
sa Tabor na cabunducan,  
at caniyang aabangan  
ang ibong pinag-lalacbay.

Nang siya'i, dumating na  
sa puno nang cahoy bagá  
doon na hinintay niya  
yaon ngang ibong Adarna.

Ay ano'i, caalam-alam  
sa caniyang ipaghihintay,  
ay siyang pagdating naman  
niyaong ibong sadyang mahal.

Capagdaca ay naghusay  
balahibo sa catauan,  
ang cantá'i, pinag-iinam  
cauili-uiling paquingan.

Naghusay namang mulí pa  
itong ibong encantada,  
umulit siyang nagcantá  
tantong caliga-ligaya.

Nang sa princípeng marinig  
yaóng matinig na voces,  
ay doon sa pagca-tindig  
tila siya'i, maiddlip.

Quinuha na capagdaca  
ang dala niyang navaja,  
at caniyang hiniua na  
ang caliuang camay niya.

Saca pinigán nang dáyp  
nitong princípeng marilág,  
cun ang ibon ay magcoplas  
ay nauualá ang antác.

Di co na ipagsasaysay  
pitóng cantáng maiinam,  
at ang aquin namang turan  
sa princípeng cahirapan.

Pitóng cantá'i, nang mautás  
nitong ibong sacdal dilág,  
pitó rin naman ang hilas  
cay don Juang naguig sugat.

Ay ano'i, nang matapos na  
ang caniyang pagcacantá,  
ay tumáe capagdaca  
ito ngang ibong Adarna.

Ang princípeng si don Juan  
inailag ang catauán,

hindí siya tinamaan  
para nang unang nagdaan.

Siya nangang pagtúlog na  
nitong ibong encantada,  
ang pacpac ay nacabucá  
dilát ang dalauang matá.

Nang sa princípeng matátap  
nagtahan nang pagcocolpas,  
umac-yat na siyang agad  
sa cahoy na Piedras Platas.

Nang caniya ngang maquita  
ang pacpac ay nacabucá,  
dilát ang dalauang mata  
nilapitang capagdaca.

Agad niyang sinungabán  
sa paa'i, agad tinangnan,  
guinapos niyang matibay  
nang cintas na quintong lantáy.

At bumabá nanga rito  
ang princípeng sinabi co,  
itong ibong encantado  
dinalá, sa ermitaño.

Sa ermitañong quinuha  
mahal na ibong Adarna,  
inilagay nanga niya  
sa mariquit na jaula.

Ang uica nang ermitaño  
itong bangá ay dalhin mo,  
madalí ca at sundin mo  
ang ipinag-úutos co.

Muha ca nang tubig naman  
dalauang bató ay busan,  
nang sila ay magsilitao  
manga capatid mong hirang.

Si don Jua'i, lumacad na  
ang banga'i, caniyang dala,  
sumaloc nang tubig siya.  
at ang bató'i, binusan na.

Si don Pedro'i, ang nauna  
na siyang nabusan niya,  
lunitao capagcaraca  
at hindi namamatay pa.

Umuling sumaloc naman  
si don Diego ang binusan,  
nagquita silang mahusay  
at hindi pa namamatay.

Malaquing pasasalamat  
nang magcapatid na liyag,  
ualá silang maibayad  
cay don Juang manga hirap.

Sila'i, agad napatungo  
sa bahay nang ermitaño,  
at naghain nanga rito  
pinacain silang tatló.

Ay ano'i, nang matapos na  
nang pagcain sa lamesa,  
capagdaca ay quinuha  
garrafang may lamáng lana.

At caniyang pinahiran  
yaong sugat ni don Juan,  
gumalíng agad nabahao  
at ualang bacás munti man.

Nag-uica ang ermitaño  
mangagsi-ouí na cayó  
magcasundó cayong tatló  
at huag ding may mag-lilo.

Don Juan ay cunin mo na  
iyang mariquit na jaula,  
baca di datning buháy pa  
ang monarcang iyong amá.

Bago umalis at nanao  
ang príncipeng si don Juan,  
ay lumuhód sa harapan  
nang ermitañong marangal.

Napabendición nga muna  
at saca sila'i, nalis na,  
si don Pedro ay nagbadyá  
cay don Diegong bunso niya.

Si don Juan ay magaling pa  
hindí mahihiyá siya,  
at siya ang nacacuha  
nito ngang ibong Adarna.

Ang mabuti ngayon naman  
ang gauin nating paraan,  
patayin ta si don Juan,  
sa guitna nang cabunducan.

Si don Diego ay nag-uica  
iya'i, masamang acala,  
ang búhay ay mauaualá  
nang bunsóng caaua-aua.

Ani don Pedro at saysay  
cun gayon ang carampatan,  
umuguin ta ang catauan  
at saca siya ay iuan.

Ito ang minagaling na  
sa loob nilang dalaua,  
ang cataua'i, inumog na  
nang bunsong capatid nila.

Di anong casasapitan  
nang pagtulungan sa daan,  
ay di nanga macagaláo  
ang príncipeng si don Juan.

Quinuha na capagdaca  
ang dalá nga niyang jaula,  
nang dalaua't, omoui na  
doon so reinong Berbania.

Nang sila'i, dumating na  
sa canilang haring amá  
ang ibong canilang dalá  
nangulugó capagdaca.

Itinanong si don Juan.  
nang hari nilang magulang,  
sagót nang dalauá naman  
di po namin naalaman.

Nang ito'i, maringig na  
ang sabi nilang dalauá,  
ang saquí ay lumubhá pa  
nitong daquilang monarca.

Saca ang ibong marilág  
balahibo'i, nangu-ngulág,  
di magpaquita nang dilág  
sa haring quinacaharap.

Ang uica nang hari bagá  
itó ang ibong Adarna,

anong samá nang hichura  
sa ibong capua niyá.

Ang sinabi nang medico  
na ito rao ibong itó,  
ay may pitóng balahibo  
na tantong maquiquita mo.

At cun ito ay magcantá  
lubhang caliga-ligaya,  
ngayo'i, nangasaan bagá,  
at di niya ipaquita.

Hindi pa nga nagcacantá  
itong ibong encantada,  
at sapagca nga uala pa  
ang cumuha sa caniya.

Ito'i, aqing pabayaan  
ang di niya pagsasaysay,  
at ang aqing pagbalicán  
ang princípeng si don Juan.

Ano ang casapitan  
nang umuguin ang catauan,  
hindi naman macagapang  
sa guitna nang cabunducan.

Di anong magagauá pa  
nang di macaquilos siya,  
ang nasoc sa ala-ala  
tumauag sa Vírgeng Iná.

Aniya'i, ó Vírgeng mahal  
anó cayang naisipan,  
manga capatid cong hirang  
at aco'i, pinag-liluhan.

Ang boo cong ala-ala  
caming tatlo'i, tiuasáy na,  
mahusay na maquiquita  
mahal naming haring amá.

O bacá pa caya naman  
ay sa ibon ang dahilan,  
at caya pinahirapan  
sila ang ibig magtangan.

Cun sinabi nila sana  
ang maghauac na ay sila,  
yao'i, gaano na bagá  
di ibigay sa canila.

Cayo naua'i, pagpalain  
nang Dios at Ináng Vírgen,  
gaua ninyong di magaling  
ang guinhaua'i, siyang datnin.

Nagpanibagong nangusap  
ang princípeng na sa hirap,  
ó Vírgeng Ináng marilág  
amponin mo di man dapat.

Aco'i, iyong calarahin  
cay Jesús Anác mong guilio,  
magdalita't, patauarin  
sa manga gaua cong linsil.

At doon sa oras naman  
cun aco ma'i, mama matáy,  
caloloua co'i, hugasan  
nang caniyang dugóng mahal,

Ay anó'i, caguinsa-guinsa  
sa pananalangin niya,  
isang matanda'i, eto na  
at nag-uica capagdaca.

Don Juan ay pagtiisan  
ang madla mong cahirapan,  
di na malalaong arao  
guinhaua'i, iyong cacamtan.

Ang cataua'i, hinipo na  
at hinilot nanga siya,  
gumaling na capagdaca  
at siya'i, nacatindig na.

Hayo't, lacad na don Juan  
moui ca sa caharian,  
di pa gumagaling naman  
ang haring iyong magulang.

Lumacad na at umalis  
itong príncipeng mariquit,  
lagay ay cahapis-hapis  
damit pa ay punit-punit.

Nang dumating nga siya  
sa palacio'i, nagtuloy na,  
sa haráp nang haring amá  
at lumuhód capagdaca.

Ang hari'i, di macagalao  
sa catre niyang hihigan,  
at di naquiquilalang tunay  
ang anác na minamahal.

Ay sa uala ring magbadyá  
na magsabi sa caniya,  
ang ibong na sa jaula  
ay nangusap capagdaca.

Namayagpág at naghusay  
nag-linis na nang catauán,  
balahibo'i, pinalitao  
anaquin ay quintong tunay.

At nagcantá nang ganitó  
abá haring don Fernando,  
quilalanin mo ngang totoó  
ang naniniclud sa iyo.

Iyan ang bunsó mong anác  
si don Juan ang pamagát,  
na nagdalita nang hirap  
sa utos mo ay tumupad.

Yaong anác mong dalaua  
na inutusang nauna,  
anoma'i, ualang nacuha  
at sila'i, naguing bató pa.

Nang ito ay masabi na  
tumaha't, nagbago muna,  
balahibong icalauá  
na mariquit sa nauna.

Saca muling nagpahayág  
abá haring sacdal dilág,  
paqingán di man dapat  
yaong cay don Juang hirap.

Ang bunsóng anác monghirang  
nagtiis nang cahirapan,  
at siyang nag-alís naman  
batóng balot sa catauan.

Nang masabi nanga itó  
naghaliling panibago,  
nang balahibong icatló  
na capua esmaltado.

At nag-uica nang ganito  
mahal na hari'i, dinguin mo,



nagsi-oui silang tatló  
sa bahay nang ermitaño.

Sila nga ay piniguing pa  
pinacain sa lamesa,  
pinangaralan pa sila  
anác ang siyang capara.

Nang ito'i, maipahayag  
naghalili namang agád,  
nang balahibong icaapat  
diamante'i, siyang catulad.

Nang macacain na naman  
itong ermitañong mahal,  
madlang sugat ni don Juan  
pinagaling niyang tanan.

Nang ito'i, masabi na  
tumaha't, naghalili pa,  
balahibong icalimá  
cahalimbaua'i, tumbaga.

Nangsila'i lumacad naman  
sa bundóc at caparangan,  
si don Pedro ay nagsaysay  
na patayin si don Juan.

Si don Diego'i, sumansala  
yao'i, masamang acala,  
sa búhay na mauauala  
ni don Juang ating mutya.

Nang ito'i, maipagturing  
nitong ibong nagniningning,  
naghalili siyang tambing  
balahibong icaanim.

Ito'i, lalong cariquitan  
sa icalimang nagdaan,  
mahal na hari paqingán  
cay don Juang cahirapan.

Ay ang pinagcaisahan  
nang dalauang tampalasan,  
ay umuguin ang catauan  
sa guitna nang caparangan.

Nang hindi macagalao  
ang princípeng si don Juan,  
capagdaca ay iniuan  
aco'i, canilang tinagláy.

Nang masabi nanga itó  
naghaliling panibago  
balahibong icapitó  
na anaqui ay carbungco.

Ito'i, siyang catapusán  
mahal na hari'i, paqingán,  
pinagdaanang cahirapan  
nang bunsó mong si don Juan.

Sa malaquing auang lubós  
nang Vírgeng Iná nang Dios,  
isang matanda'i, dumulóg  
at siya'i, tambing guinamót.

Hinipo na ang catauán  
at pinag-ayos ang lagay,  
necatindig na mahusay  
itong princípeng si don Juan.

Caya co di ipaquita  
ang mariquit na hichura,  
ay hindi dumarating pa  
ang sa aquin ay cumuha.

Ang isa pa haring mahal  
ang anác mong si don Juan,  
siya mo pong pamanahan  
nitong iyong caharian.

Nang ito'i, masabi na  
nitóng ibong encantada,  
tumahán na nang pagcantá  
hindi na naringig niya.

Ang saquí't na dinaramdam  
nang haring aquing tinuran,  
parang nagdahilán lamang  
at gumaling ang catauán.

Ang haring si don Fernando  
tinipon na ang consejo,  
at pinaghuntahan dito  
si don Pedro't, si don Diego.

Sa guinauang caliluhán  
sa capatid nilang hirang,  
cun ano ang catampatang  
parusang dapat ibigay.

Ang sagot nang calahatán  
destierro'i, ang carampatan,  
nang huag silang mapisan  
sa princípeng cay don Juan.

Nang cay don Juang matatap  
ang hatol na iguinauad,  
siya ay nagdalang habág  
sa capatid niyang liyág.

Lumapit capagcaraca  
sa harap nang haring amá,  
dinguin nang vuestra alteza  
ang aquing ipagbabadyá.

Alang alang sa corona  
at hauac na cetro niya,  
huag nang biguiang parusa  
ang capatid cong dalauá.

Cun sila'i, ipadalá man  
sa malayong caharian,  
di co mababatang tunay  
na hindi paroroonan.

Caya haring aming amá  
patauarin na po sila,  
sa Dios ito'i, talagá  
ang guinaua nilang sala.

Ang di magpatauad naman  
sa guinauáng casalanan,  
ay di rin naman cacamtán  
ang gloria sa calangitán.

Nang sa haring maunaua  
yaóng cay don Juang uica,  
pinatauad alipala  
yaóng dalauang cuhilá.

Nagsamang nuling mahusay  
doon sa palacio real,  
ang hari nag-uica naman  
sa tatlong anác na hirang.

Cayong tatló'i, halinhinan  
sa ibong co'i, magbabantay,  
ang magpauláng sino man  
macacapalit ang búhay.

Sa cahabaan nang arao  
nang canilang pagbabantay,

di mauala sa gunam-gunam  
cay don Pedrong cainguitan.

Ang guinaua nilang laláng  
ang dalaua'i, magsasabáy,  
saca hahalili naman  
ang príncipeng si don Juan.

Ay nang isang gabí bagá  
ang ora'i, á las doce na,  
guinising na nang dalaua  
ang bunsóng capatid nila.

Si don Juan ang nagbantay  
niyaong gabing calaliman,  
nang magmamadaling arao  
siya'i, agad nagulaylay.

Ang cay don Pedrong nilaláng  
linapitang dahan-dahan,  
yaong jaula at binucsan  
ang ibon ay pinaualán.

At saca nga umalis na  
na nag-ualang quibó siya,  
ay niyong mag uumaga  
si don Jua'i, naguising na.

Ano'i, nang caniyang maquita  
na ang ibon ay uala na,  
sinidlán nang tacot siya  
sa mahal na haring amá.

Ito'i, sucat na pagmasdan  
nang anác na sino pa man,  
sinong di matacot naman  
sa castigo nang magulang.

Sa malaquing tacot niya  
sa búhay na macucuha,  
nagtaanan capagdaca  
at siya'i, umalis na.

Nguni aquin munang lisan  
ang pag-alis ni don Juan  
at ang aquing ipagsaysay  
ang hari niyang magulang.

Nang siya ay maguising na  
nagtuloy nanga sa jaula,  
ang pintó ay nacabucá  
at ang ibon ay uala na.

Capagdaca ay tinauag  
ang caniyang tatlong anác,  
ang dalauang lilo't, sucáb  
siyang lumapit na agád.

Itinanong capagcuan  
ang ibon cung napasaan,  
sagót ni don Pedro't, saysay  
si don Juan ang nagbantay.

Ang nagpauala po'i, siya  
doon sa ibong Adarna,  
at cun cami ngang dalauá  
huag mo pong biguiang sála.

Ang uica nang haring mahal  
ay hanapin si don Juan,  
at nang aquing maalaman  
cun sinong may casalanan.

Yáo nanga't, lumacad na  
magcapatid na dalauá,  
cabunducan ang pinunta  
si don Jua'i, quiniquita.

Ito'i, aqing pabayaan  
na pag-lalacad sa párang,  
ang aqing ipagsaysay  
ang principeng si don Juan.

Doon naghinahán siya  
sa bundóc niyong Armenia,  
tantong caliga-ligaya  
sa tanang bundóc na ibá.

Ang cahoy sa caparangan  
cauli-uiling pagmasdan,  
ang damó'i, gayón din naman  
sadyáng nangagdiriquitan.

Ipagparito co muna  
magcapatid na dalauá,  
ang paghanap sabihin pa  
cay don Juang bunsó nila.

Sa mabuting capalaran  
sa Dios na calooban,  
canilang napatunguhan  
ang Armeniang cabunducan.

Doon nga nila naquita  
ang bunsóng capatid nila,  
si don Diego'i, nag-uica na  
nang ganitong parirala.

Cun dalhín ta si don Juan  
sa Berbaniang caharian,  
quita ang parurusahan  
nang haring ating magulang.

Ngayo'i, lalong mabuti pa  
tayong tatló'i, magsasama,  
at huag nating ipaquita  
sa mahal na haring amá.

Doon nga tumahan sila  
tatlong magcapatid bagá,  
ang tuá ay sabihin pa  
sa cabunducang Armenia.

Ay ano'i, caguinsa-guinsa  
isang balón ang naquita,  
ibig ni don Juan bagá  
ang lalim mataróc niya.

May lúbid nga sa ibabao  
ang balón nilang dinatnán,  
ay nag-uica si don Juan  
acó ay inyong talian.

Sumagót nga si don Diego  
aco'i, matanda sa iyo,  
ang ihulog muna'i, aco,  
ang lalim nang matantó co.

Si don Pedro'i, nagpahayag  
aco'i, matanda sa lahat,  
aco ang siyang marapát  
na sa baló'i, sumiyasat.

At capag aqing tinangtáng  
ang lúbid na iyong tangan,  
hilahin ninyo pagcuan  
nang aco'i, mapaibabao.

Tinalian nanga siya  
inahulog capagdaca,  
tatlong puóng dipa bagá.  
ang siyang sinapit niya.

Sa malaquing catacután  
ang lúbid agad tinangtáng,

hinila na sa ibabao  
nang dalauang nagtatangan.

At tinanong nanga nila  
cun ano bagang naquita,  
paquingan ninyong dalauá  
ang aquing ipagbabadyá.

Ang balón cong nilusungan  
di co mataróc ang hangán,  
dilím na di ano lamang  
aco ay nahintacutan.

Ani don Diego naman  
acó ang inyóng talian,  
at nang aquing maalaman  
ang sa balóng cahanganan.

Tinalian capagdaca  
at siya'i, inihulog na  
tatatló pa lamang dipá  
ang siyang sinapit niya.

Sa malaquing tacot bagá  
ang lubid ay tinangtáng na,  
sa ibabao ay hinila  
nang capatid na dalauá.

Ani don Juan at saysay  
sa amin ay iyong turan,  
cun inabót mo ang hangán  
nang balón mong linusungan.

Sagót ni don Diego naman  
di co masapit ang hangan,  
at sa lubhang cadilimán  
loob co'i, nahintacutan.

Ani don Juan at turing  
aco ang taliang tambing,  
at aquing sisiyasatin  
itóng balón sacdal dilím.

Tinalian capagdaca  
ang bunsóng capatid nila,  
sa baló'i, inihulog na  
nang capatid na dalaua.

Ang sa historia ngang saysay  
na sa balóng calaliman,  
mahiguit sa isang daan  
na dipá ang casucatán.

Nang siya nga'i, dumating na  
sa fondo nang balón bagá,  
ay quinalág capagdaca  
ang lubid na tali niya.

Lumacad na capagcuan  
ang princípeng si don Juan,  
isang pintó ang binucsán  
pumasoc na nagtuluyan.

May isang campong maluang  
doo'i, caniyang dinatnán,  
linis ay ualang cabagay  
nang lupang tinatapacan.

Ang sari-saring bulaclac  
naroo't, namamacetas,  
diquít ay ualang catulad  
bangó'i, humahalimuyac.

Doon sa pag-libot niya  
sa macetas at sampaga,  
may bahay siyang naquita  
diquít ay ualang capara.

Tumauag na capagcuan  
ang príncipeng si don Juan,  
siya naman ay dinungao  
nang princesang na sa bahay.

Nang maquita'i, binati na  
ang mariquit na princesa,  
bibiguiang arao na maganda  
poon nang tanang sampaga.

Anang princesa'i, ganito  
salamat naman sa iyo,  
namamangha ang loob co  
nang iyong pagcaparito.

Sagót nang príncipe't, uica  
abá mariquit na tala,  
pagcaparito co'i, bigla  
dalá nang sintang gahasa.

Inalipád sa itaas  
nang malabay niyang pacpac,  
saca po caringat dingat  
sa harapan mo'i, lumagpác.

Caya mahal na diosa  
huag cang mag-ala-ala,  
sa Dios ito'i, talagá  
tangáp ang hain cong sinta.

Ang sagot ni doña Juana  
na cun may tapang cang dalá  
magtulóy na pumanhic ca  
at dini mag-usap quita.

Pumanhic na capagcuan  
ang príncipeng si don Juan,  
at nuha nang silla naman  
ang dalaua'i, nag-agapay.

Ang uica nang princesa  
doon sa hain mong sinta,  
malaqui cong ala-ala  
sa loob bagáng mag-isa.

Saan quita ilalagay  
na iyong pagtataguan,  
at baca icao ay datnan  
nang giganteng tampalasan.

Yaong lilo at cuhilá  
sa aqu'i, nag-aalaga,  
malaqui co ngayong aua  
sa buhay mong mauauala.

Isinagót ni don Juan  
ualin mo sa gunam-gunam  
at hamac sa aquing camáy  
ang giganteng tampalasan.

Sa pag-uusap nila  
nang príncipe at princesa,  
siya nangang pagdating na  
nang giganteng palamara.

Sa hagdan nang dumating na  
tinauag si doña Juana,  
amóy manusia aniya  
dito'i, may tauo cang ibá.

Si don Jua'i, sumagót nga  
anong dami mong usisa,  
aco ang siyang nagsadyá  
sa princesa mong alagá.

Anitong gigante naman  
malaqui cong catuaan,

mayroon acong dinatnan  
na sucat cong icabuhay.

Isinagót ni don Juan  
yao'i, sucat mong asahan,  
cun aco'i, iyong mapatay  
pagsil-in ang aqing bangcay.

Anang gigante at badyá  
cun gayon ay lalaban ca,  
hinauacan capagdaca  
ang espada't, naghamoc na.

Sa mabuting capalaran  
sa Dios na calooban,  
ay napatay ni don Juan  
ang giganteng tampalasan.

Anang príncipe at badyá  
ó mariquit na princesa,  
anong hinihintay mo pa  
at di pa umalis quita.

Ang sagót ni doña Juana  
may lumbay rin acong dalá,  
at aqing maiuan pa  
bunsó cong si Leonora.

Nariyan sa cabila naman  
ang siyang quinalalaguian,  
may alilang nagtatangan  
isang serpienteng matapang.

Ani don Juang masiglá  
dito ay iiuan quita,  
at paroroonan siya  
capatid mong Leonora.

Lumacad na nagtuluyan  
itong príncipeng matapang,  
doon sa icalauang bahay  
sa mata'i, nacasisilao.

Ang hagda'y, gintong lantay  
cauli-uiling titigan,  
na cun sa lupang ibabao  
ualang catulad cabagay.

Napatauo capagdaca  
itong príncipeng masiglá,  
siya namang pagdungao na  
nang princesa Leonora.

Nang cay don Juang maquita  
ang cariquitan at ganda,  
ito'i, lumalo aniya  
doon cay doña Juana.

Big-yan nang Dios na mahal  
niyong pong magandang arao,  
sagot nang princesa naman  
ay capua maquinabang.

Nguni aco'i, namamangha  
ó príncipeng daraquila,  
lugar na ito'i, lihim nga  
ay baquin mo naunaua.

Isinagót ni don Juan  
ay abá palabang Buan,  
paquina't, aqing tuturan  
ang sa aquin ay nagtaglay.

Isang bungang panaguimpan  
sa pagtulog co'i, pumucáo,  
ang catulad co't, cabagay  
ang isang pinag-ulapan.

Ang sa bungang tulog co nga  
na pumucáo sa pag-higa,  
sa ilalim nitong lupa  
ay mayroong isang tála.

At sa aqing pangangarap  
aco'i, agád inalipad,  
camuc-há'i, ibong may pacpác  
dito aco inilagpac.

Hindi co nga máalaman  
itó pong lihim na lugar,  
sa Dios na calooban  
cun caya po natutuhan.

Cayá mahal na princesa  
huag cang mag-ala-ala,  
ang Dios ang may talagá  
cayá tangáp yaring sintá.

Sagót nang princesa't, sulit  
magtulóy ca pong pumanhíc,  
at nang iyo pong mabatid  
handóg mong sintá sa dibdib.

Pumanhíc na capagdaca  
itong príncipeng masiglá,  
sa silla ay umupó na  
nag-usap silang dalauá.

Isinagót ni Leonora  
tungcól sa alay mong sintá,  
malaquí cong ala-ala  
serpiente'i, cun dumating na.

Saan quitá ilalagáy  
na sucát mong pagtaguan,  
nang hindi ca maamuyan  
niyong lilo't, tampalasan.

Sagót nang príncipe't, badyá  
huag cang mag-ala-ala,  
ang bahala ay acó na  
sa tacsíl at palamara.

Ano ay caguinsa-guinsa  
ang lúpa ay umugong na,  
siyang pagdating pagdaca  
nang serpiente'eng palamara.

Sa hagdana'i, lumapit na  
tinauag na si Leonora,  
amóy manusa aniya  
dito'i, may tauo cang ibá.

Sumagót si don Juan  
sa serpiente'eng tampalasan,  
yaring espada cong tagláy  
aalis nang iyong búhay.

Anang serpiente'i, ganitó  
iyan ang siyang hanap co,  
ualang pagsalang totoó  
icaó ay bibihaguin co.

Ano pa nga at nag-laban  
ang capua lacas, tapang,  
ang príncipe'i, di tamaán  
nang serpiente'eng tampalasan.

Ang isang catacá-tacá  
sa tacsíl at palamara,  
ang úlo'i, cun mapútol na  
naniniquit na mulí pa.

Nang maguing tatlong oras na  
ang canilang pagbabaca,



cay don Juan ay nagbadyá  
ang tacsíl at palamara.

Quita ay magpahingaláy  
nitóng ating pag-lalaban,  
napa-ayon si don Juan  
sa serpiente ng tampalasan.

Sa príncipeng pagcalagay  
sa bintanang tapat naman,  
ang princesa ay dumungao  
at siya ay tinauagan.

Don Juan ay abutín mo  
itóng mahal na bálsamo,  
at siyang ibubuhos mo  
sa mapupútol na úlo.

Ang balang úlong mapugay  
cahit siya'i, lumucsó man  
cun ma agád mong mabusan,  
di mauulí sa lagay.

Quinuha na capagdaca  
ang mahal na balsamera,  
at mulíng naghamoc sila  
nang serpiente ng palamara.

Nang maputol na ang anim  
na úlo nang lilo't, tacsíl,  
at di na mauling tambing  
cagalitan ay sabihin.

Lalo nga ang cagalitan  
dito sa prinsesang mahal,  
at biniguian si don Juan  
nang bálsamong cagamutan.

Anang serpiente at badyá  
dini sa úlo cong isá,  
na ngayo'i, natitirá pa  
sa búhay ninyo'i, cucuha.

Ang dalaua'i, nagsagupa  
umulit silang nagbangá,  
ang úlong natitirá nga  
nalaglág agád sa lúpa.

Capagdaca ay binusan  
nang bálsamo ni don Juan,  
siya nangang pagcamatáy  
nang serpiente ng tampalasan.

Ani don Juan at badyá  
ó mariquit na princesa,  
anong hinihintáy mo pa  
at hindi umalís quitá.

Sa pagmamadaling tunay  
nang prinsesang matimtiman,  
ang lobo niyang aliuan  
ang na-isuchit na lamang.

Diamanteng singsing niya  
ay naiuan sa lamesa,  
nagsi-alis nanga sila  
dalauang magcasi't, sintá.

At canilang dinaanan  
si doña Juanang marangal,  
ang tatló'i, nalis naman  
at sa lúbid nagtuluyan.

Nang sila ay dumating na  
sa lúbid na laan bagá,  
sila ay nangagtáli na  
at hinila capagdaca.

Nang dumating sa ibabao  
ang tatló'i, magcacasabáy,  
si don Diego ay nagsaysay  
narito na si don Juan.

Cay don Pedrong maquita  
mariquit na Leonora,  
tinablán agád nang sintá  
púso niya't, ala-ala.

Niyong sila'i, aalis na  
at ouí sa Berbania,  
ay nangusap capagdaca  
ang princesa Leonora.

O don Juang aquing búhay  
ay aquing nacalimutan,  
ang singsing cong minamahal  
sa lamesa ay naiuan.

Anang príncipe at badyá  
cayo'i, maghintay aniya  
at aquing cucunin muna  
yaong singsing nang princesa.

Ani doña Leonora  
huag na guilio co't, sintá,  
cun paroon cang mag-isá  
malaqui cong ala-ala.

Ang uinica ni don Juan  
yao'i, masamáng maiuan,  
aquin ngang pagbabalicán  
at aco'i, nahihinayang.

Sa hindi ngani mapiguil  
itong príncipeng butihin,  
ay nagtali nangang tanging  
lumusong na magtuloy rin.

Nang mayroong sampóng dipá  
ang lúbid na nahugos na,  
ay pinatíd capagdaca  
ni don Pedrong palamara.

Di anong casasapitan  
sa gayong lalim na hucay,  
gauang capanganyayaan  
capatid na tampalasan.

Nang maquita nang princesa  
guinauá sa casi't, sintá,  
halos manao ang hininga  
sa baló'i, tatalóng sadyá.

Agád siyang hinauacan  
ni don Pedrong tampalasan,  
aanhin mo si don Juan  
aco'i, narito rin naman.

Ang nasoc sa ala-ala  
nang hindi bitiuhan siya,  
ang lobong aliuan niya  
caniyang paulán bagá.

Quinuha na sa suchitan  
at inihulog sa hucay,  
nguni't, bago binitiuhan  
caniyang pinagbilinan.

Cun nasactan si don Juan  
gamutin mo capagcuan,  
siya'i, aquing hinihintay  
sa caniyang caharian.

Umalis at lumacad na  
magcapatid na dalaua,

sampong dalauang princesa  
ina-oui sa Berbania.

Atin munang pabayaán  
ang paglalacad sa parang,  
at ang aking ipagsaysay  
ang hari nilang magulang.

Yaón ang napanaguimpán  
nang haring Fernandong mahal  
ang anác na si don Juan  
pinag-lilo at pinatáy.

Ito'i, lisanin cong agád  
na sa haring napangarap,  
at ang aking ipahayág  
ang apat na naglalacad.

Nang sila'i, dumating na  
doon sa reinong Berbania,  
sa palacio'i, nagtuloy na  
humarap sa haring amá.

Lumuhód na sa harapán  
nang amá nilang magulang,  
canilang ipinagsaysay  
lahat nang pinagdaanan.

Si don Juan po'i, hindi na  
na amin siyang naquita,  
itong dalauáng princesa  
ang siya naming nacuha.

At sa lupang calaliman  
doon namin nasumpungán,  
may alagang nagtatangan  
gigante't, serpiente'ng hunghang.

Cami ay naquipagbaca  
at lumaban sa canila,  
nang manga-patáy pagdaca  
manga princesa'i, dinalá.

Nang ito'i, mapaquingan  
nang hari nilang magulang,  
di hamac ang catauaán  
at sila'i, benendicionan.

Itong hari'i, may tuá man  
sa manga princesang tagláy,  
malaqui ring calumbayan  
sa anác na cay don Juan.

Nagsitindig capagdaca  
capua tinanong sila,  
na cun alin sa dalauá  
ang maguiguing asaua.

Sumagót na capagcuan  
si don Pedrong tampalasa't,  
tinuro sa haring mahal  
si Leonorang timtiman.

Itong mahal na princesa  
lumuhód capagcaraca,  
dinguin nang vuestra alteza  
ang aking ipagbabadyá.

Aco po ay palugalán  
manga pitong taón lamang,  
saca aco pacacasal  
sa anác mong minamahal.

Aco'i, biguian mong tambing  
nang isang silid na lihim,  
at doon co tutuparin  
ang panata cong gagauin.

Nang ito ay mapaquingan  
nitong haring matimtiman,  
caniyang ipinaayunan  
sa princesang cahingian.

Inilagay nangang tambing  
sa isang silid na lihim,  
at doon nga gaganapin  
ang panata niyang hiling.

Si don Diego't, doña Juana  
iquinasal capagdaca,  
catuaa'i, sabihin pa  
boong reino nang Berbania.

Ay ano'i, nang matapos na  
siyam na arao na fiesta,  
caguluha'i, payapa na  
nitóng daquilang monarca.

Aquing ipagbalic naman  
sa lobong pinacualán,  
nang maquita si don Juan  
manga lamóg ang catauán.

Ang guinaua capagdaca  
nitong lobong encantada,  
guinamót pinag-ayos na  
catauáng caaya-aya.

Ano'i, nang gumaling naman  
at siya nga'i, macagalao,  
ang lobo'i, nuha pagcuan  
nang tatlong botellang hirang.

Dalaua'i, tali sa paá  
cagát sa bibig ang isa,  
saca umalis pagdaca  
itong lobong encantada.

Nagtulóy na capagcuan  
doon sa ilog nang jordán,  
nagcataóng nalilibang  
yaong manga nagbabantay.

Isinaloc nanga niya  
ang daláng tatlong botella,  
at lumipád capagdaca  
ito ngang lobong masiglá.

Hinabol na capagcuan  
niyong tanang nagbabantay,  
ang lobo'i, napailanláng  
at di nila inabutan.

Nang ito'i, dumating naman  
sa príncipeng cay don Juan,  
ang ulo'i, agad binusan  
tuloy hangang talampacan.

Nang siya nga ay mabusan  
tubig na galing sa jordan,  
nagbango't, lumacás naman  
itong príncipeng marangal.

Quinuha na niyang tambing  
diamanteng naiuang singsing,  
sa aua nang Ináng Vírgen  
lobo ang nagparaan din.

Si don Jua'i, quinasihan  
nang Dios na Poong mahal,  
nacaahong matiuasáy  
sa balóng quinalalag-yan.

Ang nasoc sa calooban  
nitong príncipeng timtiman,

moui siyang magtuluyan  
sa caniyang caharian.

Sa pag-lacad ni don Juan  
sa bundóc at caparangan,  
nagdamdám nang capagalan  
sa tinding sicut nang Arao.

Sa isang puno nang cahoy  
na malaquí't, mayamung mong  
siya roon ay sumilong  
at humilig naman tuloy.

Sa calamigan nang hangin  
at tantong caalio-alio,  
ay agad nang nagupiling  
itong príncipeng butihin.

Ano ay caguinsa-guinsa  
doon sa pagtulog niya,  
siya nangang pagdating na  
mahal na ibong Adarna.

At sa tapat ni don Juan  
sa cahoy na sinilungan,  
namayagpag at naghusay  
balahibo sa catauán.

At saca siya nagcantá  
nang tantong caaya-aya,  
don Juan magbangon na  
sa tulog mo'i, gumising ca,

Sa voces na mataguinting  
siya'i, agad na náguising,  
at pinaqingang magaling  
ang sa ibong pagtuturing.

Malaquí mong ala-ala  
sa princesa Leonora,  
may lalo pa sa caniya  
nang cariquitan at ganda.

Malayo nga rito lamang  
ang caniyang caharian,  
at malapit siyang tunay  
sa sinisicatan nang Arao.

Na cun siya mong macuha  
at iyong mapangasaua,  
dito sa mundo'i, pang-una  
sa cariquitan at ganda.

Yaong tatlong princesa  
sa haring Salermong bunga,  
si doña María Blanca,  
ang matandá sa dalaua.

Sunód si doña Isabel  
parang maningning na garing,  
si doña Juana'i, gayon din  
ang tala'i, siyang cahambing.

Hayo lacad na don Juan  
sa reino nang de los Cristal,  
ipagcacapuri mo naman  
sa haring iyong magulang.

Nang ito ay maringig na  
nitóng príncipeng masiglá.  
naualá sa loob niya  
ang princesa Leonora.

Lumacad na nagtuluyan  
ang príncipeng si don Juan,  
canyang pinatunguhan  
sinisicatan nang Arao.

Aquing lisanin na muna  
yaong pag-lalacad niya,  
at ang aquing ipagbadyá  
ang princesa Leonora.

Arao, gabi'i, tumatangis  
sa quinalalaguian'i silid,  
ang caniyang sinasambit,  
si don Juang sintá't, ibig.

Cun caya humingi aco  
nang pitóng taóng término,  
si don Juan ang hintay co  
caya nagtitiis dito.

Na cun hindi ca binuhay  
nang lobo cong pinaualán,  
caloloua mo man lamang  
aco'y paqui-usapan.

Ito'i, itiguil co muna  
pananaghoy nang princesa,  
at ang aquing ipagbadyá  
si don Juan de Berbania.

Tatlóng taóng ualang culang  
ang pag-lalacad sa párang,  
hindi niya maalaman  
ang reino nang de los Cristal.

Sa malaquing capalaran  
nang príncipeng si don Juan,  
ay nasalubong sa daan  
ang isang matandang mahal.

Anang príncipe at badyá  
núno'i, magdalang áua ca  
na cun may baon cang dalá  
aco'i, limusan po niya.

Sagót nang matanda naman  
mayroon nga acong taglay,  
munting duróg na tinapay  
quinacain co sa daan.

Narito't, cumuha ca na  
at nang huag magutom ca,  
nang cay don Juang maquita  
ay nasuclám bagá siya.

Ang tinapay ay maitim  
ang isa pa ay bucbúquin,  
sa malas niya at tingin  
nacasusuclám na canin.

Sa malaquing cagutuman  
nang príncipeng si don Juan,  
nuha nang munti lamang  
at para bagang titicmán.

Nang caniyang malasahan  
itong bucbúquing tinapay,  
masarap at malinamnam  
parang cahahango lamang.

Anitóng matandá bagá  
ang aquing bumbóng na dalá,  
may lamang pulót aniya  
cumuha at uminóm ca.

Humigop na si don Juan  
nitong pulót nang puquiotan  
ay naualá capagcuan  
ang caniyang cagutuman.

At nulí ngang nag-uica pa  
matandang causap niya,

diyan sa bumbóng na isá  
may lamáng tubig aniya.

Huag mong ubusin lamang  
caunti aco't, iuanan,  
at mahaba pa ngang aráo  
ang pag-lacad co sa párang.

Nang maquita ni don Juan  
yaong bumbóng na may lamán,  
ay isang dulong cauayan  
ang siyang quinalalag-yan.

Uica nang principe at badya  
núno po ay maquinig ca,  
cun ito'i, ubusin co na  
munti ma'i, ualang itirá.

Sagót nang matandá naman  
inomin mo na don Juan,  
cahit aco'i, maualá man  
huag icao ang magculang.

Ininóm na ni don Juan  
tubig na camuc-ha'i, cristal,  
sa Dios na calooban  
hindi nagculang munti man.

Nang caniyang mapagmasdan  
ang tubig ay di nagcuculang,  
ang matandáng ito naman  
segurong may carunungan.

Umulit pa ngang nag-uica  
itong princípeng daquila,  
ugali nang isang bata  
ang magtanong sa matandá.

Sagót nang matandá naman  
sabihin mo't, iyong turan,  
ang loob co'i, namaáng  
nang layong pinangalingan.

Isinagót ni don Juan  
ganitó po ay paquingan,  
ang aqing pong pinapacay  
ang reino nang de los Cristal.

Sagót nang matanda'i, ito  
Jesús na Panginoon co,  
ang pag-lalacad cong ito  
isang daang taóng husto.

Hindi co napag-alaman  
ang reino nang de los Cristal.  
iyang hanap mo don Juan  
malayong di ano lamang.

Nguni't, quita'i, tuturuan  
sundin mo't, huag sumuay,  
lumacad cang magtuluyan  
icapitóng cabunducan.

Doon ay inyong daratnán  
isang ermitañong mahal,  
at siya mong pagtanungan  
nang sadyá mong caharian.

Narito't, ngayo'i, cunin mo  
capiraso nang báro co,  
at siyang ipaquita mo  
sa daratnang ermitaño.

Cun icao ay tatanungin  
nang quinunan mo cun alin,  
ang pangalan mong sabihin  
isang matandáng sugatín.

Yao nanga at pumanao  
ang príncipeng si don Juan,  
caniyang pinatunguhan  
icapitóng cabunducan.

Ito'i, lisanin co muna  
manga, pag-lalacad niya  
at ang aquing ipagbadyá  
ang princesa Leonora.

Parati nang tumatangis  
sa quinalalag-yáng silid,  
ang caniyang sinasambit  
si don Juang sinta't, ibig.

Cundi ca guinamot naman  
nang lobo cong binituan,  
baquit di pinagbalican  
nang hayop cong inutusan.

Tatlóng taón nang mahiguit  
yaring aquing pagtitiis,  
saca ang maipagsasapit  
macacasal sa di ibig.

Diyata matuid naman  
at iyo nang calooban,  
na acó ay mapacasál  
cay don Pedrong tampalasan.

Ito'i, uacás na at hangán  
nang pagtauag co don Juan,  
cun culanging capalaran  
aco'i, di mo na daratnan.

Ito'i, lisanin cong agad  
ang sa prinsesang pagtauag,  
at ang aquing ipahayag  
ang príncipeng naglalacad.

Limang buang hustó bagá  
yaóng pag-lalacad niya,  
siya namang pagdating na  
sa mariquit na ermita.

Doo'i, caniyang dinatnan  
isang ermitañong mahal,  
balbás ay hangang sa bay-uang  
nacatatacot cun tingnán.

Anang matanda'i, ganitó  
umalis ca manunucsó,  
mahaba nang taón aco  
ualang sumasapit dito.

Sagót ni don Jua't, uica  
nuno'i, huag cang mamangha,  
aco'i, inutusang cusa  
isang mahal na matandá.

Narito po't, iyong cuha  
capirasong baro niya,  
sa ermitañong maquita  
ay inabót capagdaca.

Hinagcán na't, tinangisan  
yaong baro niyang tangan,  
luha sa mata'i, bumucal  
parang agos ang cabagay.

At nag-uica nang ganitó  
Jesús na Panginoon co,  
ngayon lamang naquita co  
ang mariquit na baro mo.

Ang hindi co naquita  
catauan mong mapanintá,



di co nababayaran pa  
ang aqing nagauang sala.

Sa dibdib ay inilagay  
capirasong barong mahal,  
at sacá tinanong naman  
ang príncipeng si don Juan.

Ano ang sadyá mo bagá  
at cusang naparito ca,  
anang príncipe at badyá  
ganitó po'i, maquinig ca.

Ani don Juan at sulit  
ermitañong sacdal diquit,  
ang hanap co pong mapilit  
ang reinong de los Cristales.

Ang sagót nang ermitaño  
Jesús na Panginoon co,  
limang daang taón aco  
nang pagcatahán co rito.

Ay hindi co naalaman  
ang reino nang de los Cristal,  
at malayong caharian  
ang hanap mong pinapacay.

Tingnán cun sa aqing sacop  
sa hayop cong nangag-libot,  
cun canilang naa-abot  
cahariang cristalinos.

Sa pintó ay lumapit na  
campana'i, tinugtog niya,  
nagsidating capagdaca  
madlang hayop na lahat na.

Doon sa pagcacapisan  
nang lahat niyang familiar,  
itinanong capagcuan  
nitong ermitañong mahal.

Sa inyong paglibot diyan  
sa bundóc at caparangan,  
sino ang naca-aalam  
niyong reinong de los Cristal.

Ang sagót nang calahatán  
hindi namin naalaman,  
at malayong caharian  
ang iyo pong catanungan.

Sampong olicornio bagá  
na hari nilang lahat na,  
hindi rin macapagbadyá  
niyong reinong hanap niya.

Ang uica nang ermitaño  
don Juan ay narinig mo,  
cahima't, ang familiar co  
di masabi ang hanap mo.

Ngayon quita'i, tuturuan  
sundin mo't, huag sumuay,  
paroon cang magtuluyan  
icapitóng cabunducan.

Itong baro ay dalhin mo  
sa bundóc na icapitó,  
at siyang ipaquita mo  
sa daratnáng ermitaño.

At tinauag nanga rito  
yaong haring olicornio,  
itong príncipe'i, dalhin mo  
sa mabunying capatid co.

Si don Juan ay sumacay  
sa olicorniong licuran,  
lumacad na nagtuluyan  
hangang sumapit sa pacay.

Nang sila nga'i, dumating na  
sa sadyá nilang talaga,  
doon na iniuan siya  
olicornio'i, nagbalic na.

Si don Jua'i, capagdaca  
nagtuluyan sa ermita,  
sa ermitañong maquita  
ay tinanong naman siya.

Icao baga'i, ali't, sino  
naparitong manunucsó,  
aco'i, malaon na rito  
ualang naquiquitang tauo.

Isinagót ni don Juan  
ualín po ang cagalitan,  
naririto'i, iyong tingnán  
capirasong barong mahal.

Sa ermitañong maquita  
ang damit na mahalagá,  
pinalapit nanga siya  
at quinuha capagdaca.

Pagca-abót ay hinagcán  
at caniyang tinangisan,  
at ang uicang binitiuhan  
calunos-lunos paqingán.

Si don Juan ay nagtacá  
sa ermitañong maquita,  
lumalo pa nga sa isa  
dalang catandaan bagá.

Ang balbás niya sa baba  
ay sumasayad sa lupa,  
balahibo'i, mahahaba  
mapuputi namang paua.

At nag-uica nang ganitó  
ang matandang ermitaño,  
sino bagáng quinunan mo  
mahalagáng barong itó.

Sagót ni don Jua't, badyá  
nuno po ay maquinig ca,  
sa aquin ang may padalá  
ermitañong matanda na.

Ang sagót nang ermitaño  
don Juan ay sabihin mo,  
ang sadyá mo ay cun anó  
nang iyong pagcaparito.

Isinagót ni don Juan  
ganito po ay paqingán  
ang sadyá co po at pacay  
ang reino nang de los Cristal.

Anang matanda'i, ganitó  
ang pagcatahan co rito,  
nang aco'i, mag-ermitaño  
ualóng daang taóng hustó.

Ay hindi co naalaman  
cahariang de los Cristal,  
anhin co'i, malayong lugar  
ang sadyá mong linalacbay.

Tingnán cun sa aquing sacop  
ibong naglipád sa bundóc,

cun canilang na aabot  
yaong reinong cristalinos.

Sa pintua'i, lumapit na  
campana'i, tinugtóg niya,  
tanang ibo'i, capagdaca  
nagcatipong para-para.

Anang ermitaño naman  
sa inyong pag-liliparan,  
di ninyó natatausán  
ang reino nang de los Cristal.

Ang sagót ngani nang lahat  
hindi namin natatatap,  
at malayong di hamac  
yaong cristalinong ciudad.

Umuling nag-uica siya  
cung husto silang lahat na,  
ay nagbilang capagdaca  
uala ang ibong aguila.

Ay ano'i, caguin-guinsa  
sa pag-uusapan nila,  
siya nangang pagdating na  
nang ibong haring águila.

Nang dumating ay pabagsác  
sa pagod na dili hamac,  
ang ermitaño'i, nangusap  
sa laquing galit na hauac.

Na ang uica bagá niya  
doon sa ibong águila,  
baquit icao'i, nahulí pa  
sa iyong manga familia.

Dili bagá iyong unaua  
itong tunóg nang campana,  
saan man naroong lupa,  
ay ouí cayong biglá.

Sagót nang águila't saysay  
panginoon naming mahal,  
malayo pong pinagmulán  
caya di nila casabáy.

Anang ermitaño naman  
sabihin mo't, iyong turan,  
ang pinagmulán mong lugar  
at nang aqing maalaman.

Sagót nang águila't, sulit  
ermitañong sacdal diquit,  
pinangalingang cong tiquís  
ang reinong del los Cristales.

Caninang umaga lamang  
aco ay nag-aalmusál,  
sa isang peras na mahal  
na ang lasa'i, malinamnám.

Bahag-ya cong naringig nga  
yaong tunóg nang campana,  
ay lumipád acong biglá  
capagala'i, di cauasa.

Ang sagót nang ermitaño  
don Juan ay naringig mo,  
at doon nangaling itó  
sa reinong hinahanap mo.

Uica sa águila'i, ito:  
ang príncipe ay dalhin mo,  
isang buan sa banta co  
doo'i, sasapit na cayó.

Isinagót nang águila  
isang bua'i macucuha,  
darating pong ualang sala  
sa baño ni doña María.

Agad nangang nagpadaquip  
niyong ibong maliliit,  
siyang babauning tiquis  
sa pagpanao at pag-alís.

Tatlóng daan na duruan  
ang siyang pinagtuhugan,  
at ang balang isa naman  
limang libong ualang culang.

Balang isang tuhog bagá  
isang ibon ang may dalá,  
ito ay baong talagá  
na cacanin nang águila.

Si don Jua'i, pinasacáy  
na sa águilang licorán,  
canilang pinatunguhan,  
sinisicatan nang Arao.

Tanang naquiquita lamang  
nang príncipeng si don Juan,  
ang langit at caragatan  
ualang lupang natatanao.

Doon sa sanbuang arao  
pag-lipád na ualang tahán,  
naubos nacaing tanan  
ang tatlóng daang duruan.

Ay ano'i, nang maubos na  
yaong baon nilang dalá,  
siya nang pagdating nila  
sa baño ni doña María.

Niyong oras nang vísperas  
nang si don Jua'i, ilapág,  
ang águila ay nangusap  
ito ang ipinahayag:

Dito na quita iiuan  
ay magtago ca don Juan,  
nang hindi ca mamalayan  
nang manga princesang mahal.

At mamayang á las cuatro  
ualang sala't, paririto,  
mahal na princesang tatló  
na maliligo sa baño.

Di mo bagá naquiquita  
bañong paliguan nila,  
may sariling titig-isa  
at hindi nga magsasama.

Magcacaparis nang gayác  
calapati ang catulad,  
doon sa cahoy na peras  
ay magsisi-dapong lahat.

Paalam aco don Juan  
dito na quita iiuan,  
bilin co'i, iyong tandaan  
huag mong calilimutan.

Nagtago na si don Juan  
sa baño ngang paliguan,  
at nang hindi mamalayan  
cahit sila'i, pumanhic man.

Ay ano'i, caguinsa-guinsa  
oras nang á las cuatro na,

ay dumating capagdaca  
ang tatlong manga princesa.

Dumapo na silang agad  
doon sa cahoy na peras,  
at capua nagsilapag  
manga damit ay hinubad.

Nang cay don Juang maquita  
yaong si doña Maria,  
ang cariquitan at gandá  
nacasisilao sa matá.

Naghubad na capagcuan  
damit calapating hirang,  
lumusong na nagtuluyan  
sa bañong paliguan.

Ang guinaua capagdaca  
nitong princepeng magsigla,  
marahang quinuha niya  
damit ni doña Maria.

At nagtagong uli siya  
nang hindi bagá maquita,  
nang umahon ang princesa  
ang damit niya'i, uala na.

Sabihin pa nga ang galit  
nitong princesang mariquit,  
nang di maquita ang damit  
ito ang ipinagsulit.

Sino cayang lapastangan  
ang napatong nagnacao,  
ó baca ang criado naman  
nang haring aquing magulang.

Cun sino man siya't, alin  
ay ang sucat pag-isipin,  
aco'i, pag-iiuang tambing  
manga capatid cong guilio.

Nang maguing isang oras na  
sa damit niya'i, pagquita,  
siya namang paglitáo na  
nitong principeng masigla.

Lumuhod na sa harapán  
na haluquipquip ang camáy,  
cordero'i, siyang cabagay  
at nangusap nang malubay.

O mariquit na bathala  
cometang nabá sa lupa,  
magdala ca ngayong aua  
sa aquing ipag-uuica.

Aba mariquit na Fénix  
at Buang sacdal nang lamig,  
sa aquing tinagis-tinagis  
matá mo po ay ititig.

Hindi co po maguing sala  
ang sa damít mo'i, pagcuha,  
at ugali nang may sintá  
quiquita nang daan bagá.

Alin naman cayang búhay  
mahiguit sa sang-libo man,  
na sa galit mo pong tangan  
hindi alising paminsan.

Caya mahal na princesa  
cun may galit ca pong dalá,  
aco ay natatalagá  
sa bala mong iparusa.

Sagot nang princesang mahal  
cahit aco'i, may galit man,  
ay sa iyong pagcalagay  
nagdalá nang caauaan.

Aling bagsic nang justicia  
ang magbibigay parusa,  
sa pacumbabang may sala  
dapat ang misericordia.

Cun ang apóy na mainit  
nagniningas na masaquit,  
capag-sinubhán nang tubig  
mamamatay siyang pilit.

May galit man ang loob co  
sa damit cong quinuha mo,  
napaui ngayong totoo  
dahil diyan sa anyó mo.

Nguni't, aco'i, tabi naman  
sa iyo príncipeng mahal,  
alin bagang caharian  
ang iyong pinangalingan.

Sagót ni don Jua't, badyá  
ó bulaclac nang sampaga,  
ang pinagmulan cong sadyá  
ang reino po nang Berbania.

Naparito at naglacbáy  
sa iyo pong caharian,  
bulá ang aqing sinac-yán  
sa guitna nang caragatan.

Caya mahal na princesa  
damit mo po'i, abot cuha,  
at baca pa ipagdusa  
nang búhay co't, caloloua.

Caya cun uala ring daan  
ang sinta cong pinag-lacbáy,  
ibig co pa aqing mamatáy  
dini po sa aqing lagay.

Isinagót nang princesa  
ó don Juan de Berbania,  
ngayon mo nga maquiquita  
tunay na aqing pagsintá.

Dini sa camay cong canan,  
magtindig ca at tumangan,  
at ito ang tandang tunay  
nang pagsintá cong matibay.

Nagtindig na si don Juan  
capagdaca'i, hinauacan,  
yaong marangal na camáy  
at umupong nag-agapay.

Ang uinica sa caniya  
ó don Juang aqing sintá,  
paquingan at manainga  
sa aqing ipagbabadyá.

Pagmalasin mo at tingnan  
manga batóng nalalagáy.  
siyang nacabacod lamang  
sa aming palacio real.

Iyan nga'i, tanong lahat na  
sadyá'i, sa pangangasaua,  
panang enengcanto sila  
nang haring poon cong amá.

Nariya'i, manga príncipe  
caballero't, manga conde,

pauang nangaduahagui  
sintá nila'i, di nangyari.

Sila ay naguing talunan  
naraig sa carunungan,  
nang haring aquing magulang  
naguing bató ang catauán.

Nagsiparito't, nag-lacbay  
ay iyong pacatandaan,  
itanim sa gunam-gunam  
at huag mong calilimutan.

Na mamayang á las cinco  
maguiguising na seguro,  
mahal na haring amá co  
ay maquiquita ca dito.

Cun icao ay tatanungin  
pinagsadyá mo'i, cun alin,  
ang iyo namang sabihin  
mangangasaua ang hinguil.

At cung tauaguin, ca namang  
manhic sa palacio real,  
huag magtulóy don Juan  
at icao ay mamamatáy.

Ang iyong isagot lamang  
sa haring aquing magulang,  
acó po ay pag-utusan  
nang emperador cong mahal.

Bala niyang ipag-uica  
aminin mo namang paua,  
hindi icao ang gagauá  
at aco'i, siyang bahala.

Paalam aco don Juan  
quita muna'i, malilisan.  
at mamayang gabi naman  
saca quita babalican.

Umalis na capagdaca  
yaon ngang tatlong princesa,  
ay siyang pagcaguising na  
nang haring canilang ama.

Nang maquita si don Juan  
nang haring Salermong mahal  
tinanong na capagcuan  
cun anó ang sadyá't, pacay.

Sagót ni don Jua't, tugón  
ó hari cong panginoon,  
icao po ay biguian ngayon  
Dios nang magandang hapon.

Ang sagót nang haring mahal  
salamat na ualang hangan,  
sabihin mo't, iyong turan  
ang sadyá mo't, pinag-lacbay.

Ani don Juan at badyá  
ó daraquilang monarca,  
ang sadyá co pong talagá  
hinguil sa pangangasaua.

Cun бага maguiguing dapat  
ang Berbania cong ciudad,  
masama't, mapaquilangcap  
sa iyong coronang hauac.

Ang uica nang haring mahál  
icao ay pumanhic naman,  
at quita'i, magsalitaan  
dini sa palacio real.

Ang sagót ni don Juan  
iyan po'i, di pasasaan,  
ang hintay co'i, pag-utusan  
nang aquing macacayanan.

Nang sa haring mapaquingan  
ay tinauag capagcuan,  
yaong criado niyang hirang  
ito ang siyang tinuran.

Ngayon din magmarali ca  
isang salóp na trigo'i, muha,  
aquing susubuquin bagá  
nagsadyáng mangangasaua.

Ay ano'i, nang dumating na  
ang trigong ipinacuha,  
don Juan ay sumunod ca  
sa útos co ngang lahat na.

At cun di mo masunod nga  
ang aquing ipagagaua,  
ualáng pagsalang daquila  
ang búhay mo'i, mauauala.

Itong trigo ay cunin mo  
pag-ingatan mong totoo,  
sasabihin co sa iyo  
ang lahat nang gagauin mo.

Itong bundóc na mataas  
tibaquin mo nang mapatag,  
at doon mo nga icalat  
itong trigong aquing hauac.

Ngayon din iyong itanim  
gabing ito'i, tumubo rin,  
sa gabing ito'i, gayon din  
iyo namang aanihin.

At sa gabing ito naman  
ay gagauin mong tinapay,  
sa lamesa co'i, maguisnan  
cacanin co sa almusal.

Quinuha na ni don Juan  
yaóng trigong ibinigay,  
doon sa porterong bahay  
biniguian nang tatahanan.

Ang uica nang secretario  
sampóng manga consejero,  
ano baga't, naparito  
ang princípeng locó-locó.

At hindi na nahinayang  
sa iningat niyang búhay,  
uala ngang pagsalang tunay  
na di siya mamamatáy,

Anó'i, nang magabi na  
oras ay á las seis na,  
itong si doña María  
ay guló ang ala-ala.

Caniyang pinag-lalangán  
hari at consejong tanan,  
pinatulog na mahusay  
isa man ay ualang malay.

Siya ngang pagpanaog na  
nang mariquit na princesa,  
at pinaroonán niya  
si don Juang casi't, sintá.

Capagdating ay nagcamay  
at saca tinanong naman



na cung anong cautusan  
nang hari niyang magulang.

Anang príncipe at badyá  
poon cong doña María,  
ang utos nang iyong amá  
ganito ay maquinig ca.

Itong trigo'i, ibinigay  
sa aquí't, itaním co rao,  
at sa gabing ito naman  
mamunga't, maguing tinapay.

Sagót ni doña María  
don Jua'i, bayaan mo na,  
at hindi mahihiya ca  
doon sa hari cong amá.

Saan patutungo naman  
ang sa haring carunungan,  
na májica negra lamang  
ang caniyang tinatangnan.

Ang sa cay doña María  
hauac ay májica blanca,  
ang dunong nang haring amá  
ay tinalo nga niya.

Ang uica niya, at saysay  
icao ay magpahingalay,  
at malaquing iyong pagal  
sa layo mong pinagmulán.

Ay ano'i, nang lumalim na  
hating gabing tahimic na,  
pinalabas nang princesa  
carunungang ingat niya.

Oras ding yao'i, napatag  
itong bundóc na mataas,  
isinabog niyang lahat  
ang trigong caniyang hauac.

Ang isang catacá-tacá,  
lacás nang májica blanca,  
bagong isinasabog pa  
oras ding yao'i, namunga.

Nang oras ding yao'i, agád  
itong trigo ay guinapas,  
maraming umaalagád  
oras ding yao'i, nalugas.

Ito'i, salicsihang paua  
manga inchic ang nagáua,  
pucpóc magcabi-cabila  
ingay na ualang camuc-há.

Nang oras na á las cuatro  
isinoot na sa horno,  
sabihin bagá ang guló  
niyong caramihang tauo.

Niyong ngang á las cinco na  
ang tinapay ay luto na,  
hinango capagcaraca  
cay doña Mariáng quinuha.

Nanhic sa palacio real  
sa lamesa'i, inilagay,  
sa cuarto'i, nagtuluyan  
at natulog capagcuan.

Ay ano'i, nang maguising na  
itong daquilang monarca,  
ay nagtuloy sa lamesa  
ang tinapay ay naquita.

Nang damputin ang tinapay  
ay napaso pa ang camáy,  
at bagong hinango lamang  
sa hornong pinaglutuan.

Nanguilalás nanga rito  
ang hari 't, consejero,  
marunong yatang totoo  
itong bagong naparito.

Cun caniyang nagaua man  
ang hiniling cong tinapay,  
sa iba cong cautusán  
ay siya nga'i, mamamatáy.

Ay ano'i, nang matapos na  
don Jua'i, tinauag niya,  
naparoon capagdaca  
at siya'i, naquipagquita.

Ang uica nang haring mahal  
pumanhic cang magtuluyan,  
isinagót niya naman  
aco po ay pag-utusan.

Capagcaraca'i, quinuha  
ang frascong iningat niya,  
ang hari ay nanaog na  
ang príncipe ay casama.

Don Juan ngayo'i, tingna mo  
ang aqing hauac na frasco,  
at ang nasisilid dito  
labing-dalauang negrito.

Ito'i, aqing pauualán  
sa tubig nang caragatan,  
isilíd mong ulí naman  
sa frascong quinalalag-yan.

Isa ma'i huag magculang  
sa negritong pauualán,  
huag namang mapalita't,  
capalit ang iyong búhay.

Pinaualán nanga rito  
labing dalauang negrito,  
at nag-uica nang ganitó  
ang haring si don Salermo.

Sa umagang mag-almusál  
sa lamesa cong cacanan,  
maquiQuitang ualang culang  
negritos cong pauualán.

Ang frasco'i, ibinigay na  
cay don Juan nang monarca,  
at sa palacio'i, nanhic na  
saca tambing nagpahinga.

Ay ano'i, nang magabi na  
oras nang Ave María,  
dumating na capagdaca  
ang mariquit na princesa.

Tinanong na si don Juan  
ni doña Mariáng hirang,  
na cun anóng cautusán  
nang haring caniyang magulang.

Sagót ni don Jua't, badyá  
ó poon co't, aqing sintá,  
ganito'i, paquingan niya  
utos nang mahal mong amá.

Negrito niyang laruán  
sa tubig ay pinaualán,

itong frasco ay iniuan  
at mulí cong isilid dao.

Na hustong labing-dalauá  
ang negritos na lahat na.  
capag nagculang nang isa  
búhay co ang cahalagá.

Ang sagót ni doña María  
ó don Juang aquing sintá,  
cun yaón ang utos niya  
huag cang mag-ala-ala,

Gasino yaong familiar  
nang haring aquing magulang,  
capag aquing tinauagan  
ay lalapit silang tanán.

Ang dalaua'i, nag-agapay  
at sila'i, nagpapanayám,  
hangang sa madaling arao  
nang canilang salitaan.

At niyong á las cuatro na  
ay nag-uica ang princesa,  
ó don Juang aquing sintá  
ang ilao dalhin mo muna.

Ang frasco'i, dalhin mo bagá  
sa dagat quita'i, tumugpá.  
yao nanga't, lumacad na  
dalauang magcasi't, sintá.

Lumusong silang nagsabay  
at ang frasco'i, iniumang,  
saca niya tinauagan  
ang negritong calahatán.

Balang mahulí sa inyo  
nang pagpasoc nga sa frasco,  
cahit na sa tubig cayó  
masisilab sa galit co.

Sa negritong marinig na  
voces ni doña María,  
ay nangag-unahán sila  
pagpasoc sa frascong sadyá.

Ay sa gayong pagcacalat  
negritos niyang tinauag,  
sa tacot na dili hamac  
nangagsipasoc na agád.

Ang uinica nang princesa  
mouí ca na aquing sintá,  
aco'i, siyang bahala na  
sa palacio'i, magdadalá.

Nagtuloy na si don Juan  
doon sa porterong bahay,  
si doña María naman  
nanhíc sa palacio real.

Inilagay na sa lamesa  
yaong frascong dalá niya,  
sa cuarto'i, nagtuloy na  
at natulog nanga siya.

Ay ano'i, nang maguising na  
ang haring Salermo bagá,  
sa lamesa ay naquita  
ang frasco'i, naroon na.

Quinuha na at tiningnan  
ang caniyang calaruan,  
hustong hindi nagculang  
ang negritong pinaualán.

Hindi na cumibó siya  
pinaram sa ala-ala,  
mayroon pa acong ibang  
iúutos sa caniya.

Anó'i, nang quinabucasan  
ipinataúag si don Juan,  
naparoo't, di sumuay  
sa haring Salermong mahal.

Anitong hari at badyá.  
yamang pangaco nang una,  
na sa utos cong lahat na  
don Juan ay susunód ca.

Anang princípeng daquila  
yao'i, totoó cong uica,  
utos mo po cun masira  
ibig co pang mamatáy nga.

Ang uica nang haring mahal  
ganito'i, iyong paquingan,  
at nang iyong maalaman  
itong aqing cautusán.

Ang ibig co ngayon naman  
yaóng bundóc na nariyan,  
ay dito sana malagay  
sa tapat nang durungauan.

Búcas pagca-umaga nga  
cun manungao acong biglá,  
hangin sa bundóc tatama  
ay pumasoc sa bintana.

Caya hayo na don Juan  
utos co'i, sundin mo lamang,  
cundi mo magaua naman  
capalit ang iyong búhay.

Umalis na capagdaca  
at sa bahay omoui na,  
nang maca-Ave María  
naparoón ang princesa.

Ang uinica sa caniya  
ó don Juang aqing sintá,  
ay anó ang utos bagá  
nang aqing mahal na amá.

Ang utos niya sa aquin  
ó sintá co't, aqing guilio,  
ganito ay iyong dinguin  
at aqing ipagtuturing.

Yaong bundóc na nariyan  
aqing palacarin naman,  
at caniya rao maguisnan  
sa tapát nang durungauan.

At ang hanging magahasa  
doon sa bundóc tatama,  
at sa pág-ihip na biglá  
ay pumasoc sa bintana.

Sagót ni doña María  
cun yaon ang utos niya,  
huag cang mag-ala-ala  
aco'i, siyang bahala na.

Sa canilang salitaan  
ay parang isang catauán  
nang magmamadaling arao  
ang princesa, ay nagsaysay.

Don Jua'i, matulog ca na  
at baca napupuyat ca,

aco'i, siyang bahala na  
sa poon cong haring amá.

Nang oras ding yaón naman  
lumacad ang cabunducan,  
doon niya pinatahán  
sa bintanang durungauan.

Nang ito ay mayari na  
á las cuatro nang umaga,  
ang princesa'i, pumanhic na  
na di namalayan siya.

Ay ano'i, nang maguising na  
itong daquilang monarca,  
bintana'i, binucsán niya  
at nanungao capagdaca.

Milagro manding daquila  
nang Dios na macalinga,  
isang hanging magahasa  
sa bundóc baga'i, tumama.

Sa simbuyóng calacasan  
bilis nang hanging amihan  
pumasoc sa durungauan  
nang haring Salermong hirang.

Nanguilalás nanga rito  
sampóng loob ay naguló  
at hindi niya matalo  
ang princípeng naparito.

Ito'i, bayaan co muna  
na sa haring ala-ala,  
at ang aqing ipagbadyá  
nang magdadapit hapon na.

Pinatauag si don Juan  
doon sa porterong bahay,  
quita ngayo'i, uutusan  
sundin mo't, huag sumuay.

Sagót nang príncipe naman  
sabihin po't, iyong turan,  
at nang aqing maalaman  
ang iyo pong cautusán.

Ang uica nang hari't, turing  
ó don Juan iyong dinguin,  
ngayo'i, aqing sasabihin  
yaong lahat mong gagauin.

Ang bundóc mong inilagay  
sa tapat nang durungauan,  
ay doon maguiguinsan  
sa guitna nang caragatan.

At maguing isang castillo  
sa limaga'i, maquita co,  
at gayon din ang simborio  
ang bilog ay paparejo.

Sa castillong yaon naman  
ay cun mayari nang tunay,  
ay pitó namang halayhay  
ang kañon mong ilalagay.

Mulá, sa palacio real  
at castillong paroronán,  
matuid ang lalacaran  
na cauli-uiling tingnan.

Doon sa castillo bagá  
dadaanang tang dalauá,  
ay anim ang bateria  
tatayó ang centinela.

At sa batería naman  
ay may cañong malalagay,  
na umaga'i, maguiguinang  
pauang nangag-puputucan.

Narito at cunin mo na  
itong mazo at barreta,  
sampóng pico at cuchara  
sa pag-gauá ay talagá.

Quinuha na ni don Juan  
ang lahat nang casangcapan,  
at siya'i, noui na naman  
doon sa porterong bahay.

Ay ano'i, nang magabi na  
ora'i, á las ocho bagá,  
siya nangang pagdating na  
nitong si doña María.

Tinauag na si don Juan  
at saca tinanong naman,  
na cun anong cautusán  
nang haring aquing magulang.

Sinaysay rin namang tunay  
nang princípeng si don Juan.  
ang lahat nang cautusán  
nang haring Salermong mahal.

At sampong pagbibigay pa  
niyong mazo at barreta,  
manga pico at cuchara  
sa pag-gauá ay talagá.

Isinagót nang princesa  
casangcapa'i, aanhin pa,  
aco'i, siyang bahala na  
sa láhat nang utos niya.

Matulog ca na don Juan  
na icao'i, magpahingaláy,  
sa umaga,i, maguiguinán  
ang caniyang cahilingan.

Ay ano'i, nang lumalim na  
ang gabi ay tahimic na,  
sa májicang salamangca  
ang castillo'i, guinauá na.

Nang oras na yao'i, agád  
ang castillo'i, pinalacad,  
doon sa guitna nang dagat  
cataasa'i, sacdál taas.

Pitóng andana ang hanay  
nitong cañong nalalagáy,  
ang calzadang lalacaran  
tuloy sa palacio real.

At anim ang batería  
na may cañong para-para,  
at ang nacacentinela  
coroneles na lahat na.

Nang ito'i, mangyaring tunay  
cahit isa'i, ualang culang,  
ang princesa'i, nalis naman  
at sa cuarto'i, nagtuluyan.

Ay anó'i, pagca-umaga  
ang hari ay naguisíng na,  
ang putuca'i, sabihin pa  
sa castillo at batería.

Ang uica nang haring mahal  
don Juan quita'i, magpasial,

ating panoorin lamang  
sa castillong pagcalagay.

Yáo nanga't, lumacad na  
nagpasiang silang dalauá,  
sinino na capagdaca  
nang naroong centinela.

Ang sagót bagá at saysay  
aco aniya'i, si don Juan,  
anang de la guardia naman  
emperador nating mahal.

Dito na ngani nagtaca  
ang haring Salermo bagá,  
at ang nacacentinela  
coroneles na lahat na.

Sa canilang pagpapasiang  
cabi-cabila'i, putucan,  
ang singsing nang haring mahal  
nahulog sa caragatan.

Hari'i, nangusap pagdaca  
don Juan quita'i, muí na,  
at iyong ipatahan na  
ang cañóng nagsisisalva.

Itinaás ang espada  
cay don Juang, hauac bagá,  
ang putuca'i, nagtahan na  
at di na naringig nila.

Ang hari ay nagtuluyan  
doon sa palacio real,  
ang príncipeng si don Juan  
núi sa porterong bahay.

Mapahapong á las cinco  
nag-utos sa isang criado,  
si don Jua'i, tauaguin mo  
at siya'i, hinihintay co.

Naparoo't, di sumuay  
itong príncipeng timtiman,  
anang hari'i, paqingan  
itong aquing cautusán.

Ngayon sa gabing magdamag  
paua mong alising lahat,  
castillo at baterías  
huag cong maguisnan bucas.

At sa dati'i, isauli mo  
tapat nang durungauan co,  
sa umaga'i, maguisnan co  
huag na hindi sundin mo.

Ay ano'i, nang matapos na  
yaón utos sa caniya,  
si don Juan ay nalis na  
sa bahay núi pagdaca.

Niyong magabi na naman  
nanaog na capagcuan,  
ang princesang matimtiman  
pinaroonan si don Juan.

Tinanong na capagdaca  
na cun anong utós bagá  
anang príncipe at badyá  
ganito ay maquinig ca.

Ang castillong nalalagay  
sampó nang batería naman  
búcas huag nang maguisnan  
nang haring iyong magulang.

Ang uinica nang princesa  
ó guilio co't, aqing sintá,  
icaó ngayo'i, matulog na  
aco'i, siyang bahala na.

Nang mahating gabing tapat  
ualang malay silang lahat  
ay naging bundóc na agád  
yaong castillong mataás.

At nasaulí na sa lagay  
ang quinuhan cabunducan,  
at ang bitería naman  
sa hari'i, hindi naguisnan.

Tinauag namang mulí pa  
itong príncipeng masiglá,  
naparión capagdaca  
sa hari'i, humaráp siya.

Capagdating ni don Juan  
hari'i, nangusap pagcuan,  
di co yata mabayaran  
ang lahat mong capagalan.

Saca ngayon ang isa pa  
muling uutusan quita,  
anang príncipe at badyá  
ay iyo pong sabihin na.

Sa canitang pagpapasial  
sa castillong cariquitan,  
ang singsing cong minamahal  
nahulog sa caragatan.

At sa gabi namang ito  
yaón lamang ay cunin mo,  
sa umaga'i, maducot co  
sa ilalim nang unan co.

Isinagót ni don Juan  
cun yaón bagá po lamang,  
cahit aqing icamatay  
susundin cong malumanay.

Ay ano'i, nang magabi na  
á las nueve ang oras na,  
dumating na capagdaca  
itong si doña María.

Itinanong cay don Juan  
ang utos nang haring mahal,  
sumagot nang mahinusay  
at ganitó ang tinuran.

Ang utos bagá sa aquin  
nang haring amá mong guilio,  
sa dagat ay aqing cunin  
ang diamante niyang singsing.

Anang princesa'i, ganito  
tapangan mo ang loob mo,  
at itong utos sa iyo  
ay panganib na totoó.

Isang batia ang quinuha  
nang mariquit na princesa,  
may sangcalan at hapác pa  
sa dagat sila'i, tumugpa.

Sa batia'i, lumulan agád  
ang dalauang magsing-liyag,  
pagcapalaot sa dagat  
ang princesa ay nangusap.

Huag matakot don Juan  
tadtarin mo acong tunay,



at huag matapon lamang  
capirasong aquing lamán.

Huag cang matulog naman  
at aco'i, iyong abangan,  
cunin mo sa aquing camáy  
ang singsing cong ililitao.

Tinadtad na ngani niya  
itong si doña María,  
sa tubig inihulog na  
naguing isang isda siya.

Sa calaunang di hamac  
sa ilalim ay paghanap,  
ay nacatulog na agad  
itong príncipeng marilag.

Nang ang singsing ay macuha  
naguing tauo ang princesa,  
daliri'i, inalitao na  
si don Juan ang cucuha.

Sa calaunang pag-litao  
singsing sa daliri'i, taglay,  
sino ang cucuha naman  
natutulog si don Juan.

Sa uala nganing cumuha  
singsing sa daliri niya,  
mulíng lumubóg pagdaca  
itong si doña María.

Lumitao na muling tambing  
itong princesang butihin,  
at hinihintay na cunin  
ang na sa daliring singsing.

At sa uala ring umabot  
singsing niyang isinipot,  
nasoc sa caniyang loob  
si don Jua'i, natutulog.

Lumubóg na mulí bagá  
ang mariquit na princesa,  
icatlóng pag-litao niya  
ang batia'i, siniquil na.

Mulí namang inalitao  
ang daliri niyang mahal,  
ito namang si don Juan  
pagtulog ay cahimbingan.

Sa hindi rin cunin ngani  
singsing doon sa daliri,  
ay inihulog na mulí  
umahon siyang madalí.

Nang sa princesang maquita  
si don Juan niyang sintá,  
himbing na ualang capara  
ay guinising nanga niya.

Dili ang uica co naman  
na aco'i, iyong abangán,  
at hindi macalilitao  
singsing cun aquing tangan.

Tingni itong guinaua mo  
ang oras na'i, á las cuatro,  
maca mamalayan tayo  
nang bunying haring amá co.

Cun caniyang maalaman  
lahat nating cagagauán,  
aco nga at sampóng icao  
caniyang papupugutan.

Cundangan ang alang-alang  
dalá niyaring caibigán,  
quita ay pinahayaang  
maguing bató ang catauán.

Marali nang iyong gauin  
mulí mo acong tadtarin,  
maca ang hari'i, maguisíng  
ay uala pa yaong singsing.

Sa pagmamadalí niya  
nang pagtadtad sa princesa,  
umilandang capagdaca  
dulo nang daliri bagá.

Sa tubig nang ihulog na  
naguíng isdá ang princesa,  
ang singsing ay nang macuha  
naguíng tauong mulí siya.

Sa daliri'i, inilagay  
isinipót na ang camay,  
quinuha na ni don Juan  
at ang princesa'i, lumitao.

At umahon nanga siya  
sa batia'i, sumacay na,  
dulong hintuturo niya  
ang siyang ipinaquita.

Tingnan mo ito don Juan  
ang aquing daliri'i, culang,  
ito'i, tandaan mo bilang  
na sucat ipagcaquilanlan.

Yao na't, umahon bagá  
dalauang magcasi't, sintá,  
ang princesa'i, nagtuloy na  
sa real palaciong sadyá.

Sa pagtulog na mahusay  
nang hari niyang magulang,  
ipinailalim sa unan  
ang singsing na minamahal.

At sa cuarto'i, nagtulóy na  
itong si doña María,  
at nag-ualáng quibó siya  
parang hindi ala-ala.

Ang hari nang maguising na  
dinucot ang unan niya,  
ay nacuha capagdaca  
singsing niyang mahalagá.

Naguló ang gunam-gunam  
nang haring Salermong mahal,  
at hindi niya mapatay  
ang príncipeng si don Juan.

Tingnan dito pa sa isa  
na ipag-uutos co pa,  
tantó manding ualang sala  
na siya'i, mapapatay na.

Tinauag na si don Juan  
doon sa porterong bahay,  
siya nama'i, di sumuay  
naparoon capagcuan.

Anitong hari at saysay  
ngayon ay iyong paquingan,  
at sa aquing cautusán  
sundin mo't, huag maliban.

Aco'i, may isang cabayo  
ay mailáp na totoo,

hindi pa sinasac-yan co  
sa umaga'i, mansohín mo.

Cunin sa caballeriza  
doon natatali siya,  
sampú nang freno at silla  
naroon ding para-para.

Caya lacad na don Juan  
at bucas ca na pariyan  
iyong mamansohin lamang  
cabayo cong minamahal.

Umoui nanga sa bahay  
ang princípeng si don Juan,  
pinag-isip niyang tunay  
cabayong patuturuan.

Ay ano'i, nang magabi na  
higuit sa Ave María,  
ay dumating capagdaca  
itong butihing princesa.

Itinanong cay don Juan  
na cun anong cautusan,  
ganito'i, iyong paqingán  
nitong sa aquing tuturan.

Ang utos niya'i, ganitó  
siya rao ay may cabayo,  
ay mailáp na totoo,  
bucas dao ay mansohín co.

Sagót nang princesang mahal  
ó sinta co't, aquing búhay,  
baca di mo naalaman  
ang cabayong tuturuan.

Siya rin nga at di iba  
sa cabayo ay papara,  
saca ang rienda'i, silla  
ang capatid cong dalaua.

At aco ang freno naman  
nang cabayo mong sasac-yan,  
icaoy ay magpacatimbang  
at doon ca mamamatay.

Tuturuan quitang tambing  
nang paraan mong gagauin,  
at nang hindi ca patayin  
nang cabayong mamansohín.

Cun icao'i, lalapit bagá  
doon sa caballeriza,  
matá nito'i, magbabaga  
nacatatacot maquita.

Cun aayao magpa-silla  
ang cabayo'i, mag-aarma,  
palo't, dagoc na lahat na  
ng gauín mo sa caniya.

Nguni't, icao ay mangilag  
sa dambá niya at sicut,  
at ang cucó'i, matatalas  
ang lamán mo'i, mauaualat.

At cun бага mahina na  
lumuluha na ang matá,  
saca mo subuan siya  
nang freno sampú nang silla.

Ang bahala naman aco  
sa bibig nitong cabayo,  
sa pagca aco ang freno  
ang rienda'i, alagaan mo.

Capag-iyong linubayán  
ang riendang iyong tangan,  
sa alapaap tatahán  
ang cabayong sinasac-yán.

Icao nga ay malalaglag  
at ang hangin ay malacas,  
sa lupa ca malalagpac  
lamán mo'i, mananambulat.

Huag bayaang lumuag  
ang riendang iyong hauac,  
palo't, taquid nang espuelas  
nang manghina siyang agad.

At cun baga mahina na  
lauay ay tumutulo na,  
iyong ibalíc pagdaca  
doon sa caballeriza.

Nang ito ay masabi na  
ang lahat na bilin niya,  
umalis na ang princesa  
si don Jua'i, iniuan na.

Ano'i nang quinabucasan  
naparoon si don Juan,  
ay dinatnan sa hagdanan  
ang lahat nang casangcapan.

Nang sa cabayong maquita  
príncipe'i, naroroon na,  
nagningas nanga ang matá  
apóy ang siyang capara.

At nang anyóng ilalagay  
yaong silla sa licorán,  
ay nanghina ang catauán  
nang cabayong tuturuan.

Di anong magagaua pa  
nang siya'i, manglambót na,  
inilagay na ang silla  
ang freno'i, isinubo na.

Dito nanga nagdarambá  
at ibig cagatin siya,  
palo't, dagoc na lahat na  
ang guinauá sa caniya.

Inacay nanga sa labas  
nitong princípeng marilág,  
at sa sacong isinacbat  
ang matalas na espuelas.

Sa cabayo'i, sumacay na  
anyóng ilulucsó bagá,  
hinigpitan na ang rienda  
ay bumiling biling siya.

Pálo't, táquid nang espuelas  
rienda'i, batac nang batac,  
at nang di nga mailipád  
ang príncipe sa itaas.

Ano pa't, sa cahirapan  
pagdagoc na ualang tahan,  
caniyang iniilagan  
ang freno'i huag tamaan.

Sa malaquing tacot bagá  
cabayong minansó niya.  
nag-luhá nanga ang matá  
ang lauay ay tumulo na.

Nang maquita ni don Juan  
na di na macagulapay,

caniyang sinunód naman  
sa princesang cabilinan.

Hinila na ang rienda  
sa palacio ay nuí na,  
matuid ang lacad niya  
tuloy sa caballeriza.

Hinubdán na ni don Juan  
nang freno't, sillang maringal,  
inilagay sa hagdanan  
at umuí na sa bahay.

Ay ano'i, nang magabi na  
naparoon ang princesa,  
at pinagsabihan niya  
si don Juang casi't, sintá.

Búcas ay ualang pagsala  
tantong ipatatauag ca,  
magtulóy nang pumanhic ca  
sa hari'i, maquipagquita.

Siya ay iyong daratnán  
sa catre niyang hihigán.  
malaqui ang capagalan  
masasaquí ang catauan.

Nang ito ay masabi na  
ay umalis ang princesa,  
sa cuarto'i, nagtuloy siyá  
at nang macapagpahingá.

Ano'i, nang quinabucasan  
ang criado'i, inutusan,  
tauaguin mo si don Juan  
dito'i, aquing hinihintáy.

Naparoón na ang criado  
sa bahay niyong portero,  
aco'i, inutusan dito  
nang haring si don Salermo.

Icao ay inaanyayahan  
doon sa palacio real,  
sumama't, hindi sumuay  
sa criadong inutusan.

Nang dumating sa palacio  
uica nang hari'i, ganito,  
don Jua'i, may damdam aco  
masaquit ang aquing ulo.

Yamang iyo nang naganáp  
ang manga utos cong lahat,  
mamili ca ngayon caguiat  
na sa aquing tatlong anác.

Ang hari'i, nagtindig naman  
at sumama cay don Juan,  
tatlong cuartóng mag-agapay  
siya nilang linapitan.

Yao'i, capua may bútas  
na sa tablang inilapat,  
hindi mo natatalastas  
cagandahan nila't, quias.

Yaóng hintuturo lamang  
ang siyang ipinalitao,  
sa cuartong catapusan  
doon niya napagmasdan.

Hinauacan capagcuan  
yaóng daliring marangal,  
at saca siya nagsaysay  
ito ang ibig cong tunay.

Hindi nanga binitiuhan  
sa daliri'i, pagcatangan,  
capagdaca ay binucsan  
cuartong quinalalag-yan.

Di anong magagaua pa  
nitong daquilang monarca,  
ang mahal sa loob niya  
ang siya bagang nacuha.

Nagsama na capagdaca  
magcaibigang dalauá,  
nag-isip nag-ala-ala  
itong daquilang monarca.

Ang nasoc sa loob niya  
ay caniyang ipadalá,  
sa capatid niyang sintá  
sa reinong Inglaterra.

Cun caniyang magustuhán  
ang príncipeng si don Juan,  
doon niya ipacasal  
at caniyang alagaan.

O cun dili caya naman  
at di niya magustuhan,  
ang príncipeng si don Juan  
ay caniyang ipapatáy.

Ito'i, lihim na di hamac  
na guinaua niyang sulat,  
ay natantó namang agád  
niyong princesang marilag.

Cun yaón ang calooban  
nang haring aquing magulang  
aco ang gagaua naman  
isang mabuting paraan.

Inutusan capagdaca  
si don Juan niyang sintá,  
doon sa caballeriza  
isang cabayo'i, cumuha.

Iyong bibilangin lamang  
ay ang icapitong tunay  
na mangaling sa pintuan,  
ang cunin mo at siyahán.

Dito'i, umalis na quita  
sa Berbania ay mouí na,  
at tayo'i, ipadadalá  
sa reinong Inglaterra.

Si don Jua'i, nanaog na  
tungo'i, sa caballeriza,  
sa pagmamadali niya  
icaualó ang nacuha.

Sinubuan nangang tambing  
nang freno't, sillang magaling,  
ay siya namang pagdating  
nitong princesang butihin.

Nang ito baga'i, maquita  
cabayong sasac-yán nilá,  
nagdala rin nang pangambá  
ang mariquit na princesa.

At nangusap cay don Juan  
quita'i, panganib sa daan  
sa di pagsunód mong tunay  
sa lahat cong cautusán.

Di ang bilin co sa iyo  
cunin mo ang icapitó,

ay baquit ang icaualó  
ngayo'i, siyang quinuha mo.

Di anong magagaua pa  
siya'i, siyang nariyan na,  
sumacay na ang dalauá  
at umalis capagdaca.

Nang silá ay mapalual  
sa labas nang caharian,  
agad silang namalayan  
nang haring Salermong mahal.

Hinabol nanga't, sinundan  
ang dalauang nagtaanan,  
nang sila'i, maa-abutan  
ang princesa ay nagsaysay.

Don Jua'i, naririto na  
ang habol ay malapit na,  
panganib quitang dalauá  
sa hari na aqing amá.

Tingnan mo ang calacasan  
nang cabayo mong iniuan,  
quita ngayo'i, aabutan  
dito sa guitna nang parang.

Ang guinaua nang princesa  
niyong aabutan sila,  
inilaglag capagdaca  
ang carayom niyang dalá.

Ay naguing tinic na bacal  
ang hari'i, di macaraan,  
hindi macasagui naman  
ang cabayong sinasac-yan.

Sa malaquing galit bagá  
sa nagtaanang dalauá,  
sa cabayo'i, lumunsád na  
at hinauanan na niya.

Husto ngang dalauang arao  
bago niya nahauanan,  
at tatlong leguas ang lagay  
nang dalauang sinusundan.

Hinabol nangang muli pa  
ibig ding mapatáy niya,  
ibon ang siyang capara  
tulin nang cabayo bagá.

Nang malapit nang abutan  
princesa'i, muling nagsaysay,  
don Jua'i, eto na naman  
ang haring aqing magulang.

Ang guinaua nang princesa  
quinuha ang sabón niya,  
sa lupa'i, inihulog na  
